


Jesus Film Project®
A Cru Ministry

# Kilalanin si Jesus

## Pagtatag ng iyong bagong Komunidad na Babahaginan gamit ang *Jesus* Film

# Kilalanin si Jesus

## Pagtatag ng iyong bagong Komunidad na Babahaginan

Masayang pagsama sa Dakilang Karanasan sa paggamit ng *JESUS* Film para maabot ang mga tao para kay Jesus, idisipulo sila sa pananampalataya, pagkatapos ay magtayo ng bagong Komunidad na Babahaginan, at palawakin pa ang samahan na ito!

v6.5

Jesus Film Project®
A Cru Ministry

Knowing Jesus

# Nais ng Diyos na gamitin ka sa kamangha-manghang paraan para itatag ang Kanyang kaharian sa iyong sariling wika sa iyong lahi.

Isinulat ni Apostol Juan sa aklat ng Pahayag:

[9] Pagkatapos nito'y nakita ko ang napakaraming tao na di kayang bilangin ninuman! Sila'y mula sa bawat bansa, lipi, bayan, at wika. Nakatayo sila sa harap ng trono at ng Kordero, nakadamit ng puti at may hawak na mga palaspas. Isinisigaw nila, "Ang kaligtasan ay nagmumula sa ating Diyos na nakaluklok sa trono, at sa Kordero!"
(Pahayag 7:9-10, MBBTAG12)!

Kasama sa madla na ito ay ang mga sumasamba mula sa bawat wika at lahi sa buong mundo. Sila ay sasamba at kakanta sa kanilang mga sariling wika, at sa mga paraan na nagpapakita ng katangian ng kanilang sariling kultura.

Sinabi ni Jesus sa huling mga bersikulo ng ebanghelyo ni Mateo:

[19] Kaya't humayo kayo, gawin ninyong alagad ko ang mga tao sa lahat ng mga bansa. Bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo. Turuan ninyo silang sumunod sa lahat ng iniutos ko sa inyo. Tandaan ninyo, ako'y laging kasama ninyo hanggang sa katapusan ng panahon. (Mateo 28:19-20, MBBTAG12)

Sinabi Niya na HUMAYO, GAWING alagad, BAUSTISMUHAN sila, at TURUAN sila. Kung tayo ay susunod sa Kaniyang utos, ang pinakamagandang lugar para lumago ang mga disipulong ito ay sa isang samahan o sa maliit na grupo ng mga mananampalataya.

**Ang *JESUS* Film ay isang mahusay na paraan para ipahayag ang ebanghelyo. Maaari mong ipakita ang pelikula sa iyong kapitbahay, pamilya at mga kaibigan, at dadami ang nais pang sumunod kay Jesus at maliligtas. Ngunit hindi lamang ito pagpapakila sa kanila kay Jesus, habang lumalapit ang mga matalik mong kaibigan at pamilya sa pananampalataya, maaari mo silang mapalakas pa sa pamamagitan ng 61 na mga bahagi mula sa *JESUS* Film para matulungan silang malaman pa ang Kaniyang buhay, ang Kaniyang aral, ang mga talinhagang itinuro Niya, ang mga himala Niyang ginawa, pati na rin ang Kaniyang mga dasal, pagsubok, kamatayan at pagkabuhay.**

# Unang Hakbang 01

**Saan mo nais itatag ang iyong bagong Komunidad na Babahaginan?**

**Mayroon bang malapit na barangay o komunidad na kailangang makakilala kay Jesus?**

Una, kailangan mong malaman kung sino ang "Taong Mapagkakatiwalaan" sa lugar na iyon. Sa Lucas 10:6, pinahayo ni Jesus ang 72 sa kanyang mga alagad para ipahayag ang kanyang mensahe, upang maghanap ng taong mapagkakatiwalaan sa bawat lugar na pinuntuhan nila para tuluyan.
Ang taong ito ay may magandang reputasyon at maraming kakilalang kaibigan at pamilya na maaaring maimbitahan nilang manood ng The JESUS Film.

Inirerekomenda namin na bumuo ka ng magandang relasyon sa taong ito, gamit ang tatlong paraan na madaling tandaan na magbubukas ng oportunidad para maipakilala sa kanila ng lubusan si Jesus.

### a. Panalangin

Ipanalangin natin ang taong mapagkakatiwalaan. Ipanalangin mo na ipakita ng Diyos sa iyo kung sino ang taong ito—na siyang magpapakilala sa iyo sa kanyang pamilya at mga kaibigan. At habang nakikila mo ang taong ito, tanungin mo kung paano mo sila maipagdarasal. Masaya ang mga tao kapag ipinapanalangin ng mga tagasunod ni Jesus ang pangangailangan nila.
Sa *JESUS* film na bahagi 25 at 26, itinuturo ni Jesus ang pananalangin.

### b. Malasakit

Habang ipinapanalangin natin ang bagong kaibigan na ito at inaalam ang kanyang mga pangangailangan, maipapakita natin na nagmamalasakit tayo sa kanya sa pamamagitan ng pakikinig at pagtugon sa kanyang mga pisikal na pangangailangan. Sa *JESUS* film bahagi 31, ikinuwento ni Jesus ang istorya ng Mabuting Samaritano at itinuro kung paano tayo magmamalasakit sa kapwa natin. Ipinakita ni Jesus ang ganitong uri ng pagmamalasakit sa mga himalang mapapanood mo sa *JESUS* film.

### c. Magbigay

Habang nakikinig tayo sa mga tao at tinutulungan sila sa kanilang mga pisikal na pangangailangan, tayo ay binigyan ng pribilehiyong magbahagi ng mabuting balita ni Jesus. Sa *JESUS* film Bahagi 33, nakipagkaibigan at ibinahagi ni Jesus ang magandang balita kay Zaqueo.

# Pangalawang Hakbang 02

## Ipalabas ang *Jesus* Film

Kasama ang iyong tagapanguna, mag-imbita ng 10 o mas marami pang mga tao para panoorin ang *JESUS* film, maaaring sa tahanan ng taong mapagkakatiwalaan. Mapapansin mong marami pang tao ang nais pumunta! Sa panahong ito ng teknolohiya, maraming mga paraan para panoorin ang *JESUS* film.

Narito ang ilan:

1. Kung mayroon kang Jesus film® backpack set na kagamitan, gamitin ito para mayroong malaking screen kung ang gawain ay gaganapin sa labas! Maraming tao ang pupunta para makita ang pelikula!

2. Kung mayroon kang flat screen TV na may USB port, gumamit ng flash drive para maipalabas ang *JESUS* film sa tahanan ng tagapanguna mo.

3. Kung mayroon kang tablet set na kagamitan na may Bluetooth speaker, maaari mong ipalabas ang *JESUS* Film sa mas maliit na grupo na hindi lalagpas sa 20 na tao. Magaganahan ang mga tao na makita at marinig ang kuwento ni Jesus sa sarili nilang wika!

Sa pagtatapos ng pelikula, mag-alok ng dalawang paanyaya sa mga tao para sa dagdag na pakikipag-ugnayan.

Una, bigyan sila ng oportunidad na tanggapin si Jesu Cristo bilang tagapagligtas. (Marami ang tatanggap kay Jesus sa oras na ito!) Pangalawa, anyayahan silang bumalik sa susunod na araw para kilalanin pa si Jesus dahil marami ang magiging interesado ngunit maraming mga katanungan.

Ngayon ito ang bahaging pinaka-kapana-panabik!

# Pangatlong Hakbang 03

## Ang bagong Komunidad na Babahaginan o Maliit na Grupo

Kung tinanggap o hindi man tinanggap ng mga tao na nanood ng pelikula si Jesus bilang tagapagligtas, anyayahan sila na bumalik sa susunod na araw o gabi para pag-usapan pa si Jesus.

Sa pagtitipong ito, (at sa lahat ng mga susunod pang pagtitipon), gagamitin mo ang 61 na mga bahagi ng *JESUS* film para makilala pa si Jesus at mapag-usapan pa ng sama-sama.

Sa pagdating pa ng susunod na taon, ang bago mong grupo ay lalago kay Cristo. At, habang lumalago sila, lalago rin ang pagmamahal nila sa isa't-isa at ipamamahagi ang pagmamahal na ito sa samahan nila at sa iba pang mga komunidad!

Mula sa pinakauna nilang pagtitipon, ang bagong mga miyembro ng samahan na ito ay makakaranas ng buhay sa loob ng Komunidad na Babahaginan. Magagamit natin ang tinatawag na "Three-Thirds" (3/3) na format sa bawat pagtitipon.

# Pang-apat na Hakbang

# 04

## Palaguin

Sa Bahagi 17 ng *JESUS* film, itinuro ni Jesus ang tungkol sa Paglago. Sa puntong ito, ang iyong maliit na grupo ay magiging handa na simulan muli ang Unang Hakbang para magtatag ng bagong komunidad!

Natutunan na nila ang kapangyarihan ni Jesus laban sa diablo, ang Kaniyang kapangyarihan sa kalikasan, ang Kaniyang kapangyarihan para pagalingin ang mga may sakit, patawarin ang kasalanan, ang karakter ng tagasunod ni Jesus at ang inaasahan ni Jesus sa paglago.

Maaaring nakita mo na kung sino ang masugid na tagasunod, ang iyong Timoteo, na siyang mangunguna sa bagong grupo na ito. Tulungan mo siyang sundin ang 1-4 na mga hakbang para makapagsimula ng lumalaking bagong samahan!

Idinadalangin namin na pagpalain ka ng Diyos habang nagtitiwala kang gagamitin ka Niya upang palawakin ang Kaniyang dakilang kaharian!

## THREE – THIRDS

Proseso ng Pagsasanay sa Pagdidisipulo

### Pagbabalik-tanaw

- Pagmamalasakit sa bawat isa. Tanungin sila ng “kumusta ka na?”
- Magpuri
- Ipagdiwang ang Katapatan
- Pananagutan at Pagbabalik-aral
- Motibasyon at Paghikayat
- Magpahayag ng Bisyon

### Pagtunghay

- Bagong Aralin
- Pag-aaral ng Biblia na Nakabatay sa Pagsunod
- Pag-aaral ng bagong istorya patungkol kay Jesus ng sama-sama

### Pag-usad

- Paghahanda para sa misyon
- Pagpa-praktis ng Istorya
- Kanino magbabahagi sa linggong ito
- Pananalangin para sa Misyon

# Dalawang Paraang tatahakin para sa Kilalanin si Jesus na Pagsasanay:

Mayroong dalawang paraan para gamitin ang kurikulum na ito para gabayan ka sa bagong mong Komunidad na Babahaginan sa pamamagitan ng mga bahagi ng ***JESUS*** film.

1. Simula-hanggang-Wakas (Paraan 1)

Pagkatapos ipalabas ang buong *JESUS* film (Pangalawang Hakbang sa taas), ang unang paraan para gamitin ang pagsasanay na Kilalanin si Jesus ay bumuo ng grupo at isama ang mga pumunta at nanood noon ng *JESUS* film ulit sa panonood, bahagi sa bahagi, mula simula hanggang wakas. Ito ay mabisang paraan para pagtibayin ang mga istorya at mga turong nakapaloob sa *JESUS* film!

2. Pagbuo ng Pundasyon (Paraan 2)

Ang pangalawang paraan para gamitin ang pagsasanay na Kilalanin si Jesus ay ang paghubog sa mga bagong miyembro ng samahan para mas lalo pang lumalim ang kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng ilang mahahalagang prinsipyong magsisilbing pundasyon. Sa pagdaan ng mga taon, ang Campus Crusade for Christ® (ang organisasyon na nag-produce ng *JESUS* film), ay nakagawa ng mga aralin na tinatawag na "Transferable Concepts," para makatulong na maitatag ang pananampalataya ng mga bagong mananampalataya. Ang mga Transferable Concepts na ito ay ipinakita sa iba't ibang mga bahagi ng *JESUS* film.

Tandaan lamang na ang kumpletong nakasulat na bersyon ng Transferable Concepts ay mababasa online sa www.cru.org/us/en/train-and-grow/transferable-concepts. Maaari mo ring makita ang website sa pamamagitan ng QR code na ito.

Kung gagamitin mo ang Paraan 2, gagawin mo muna ang walong bahagi na mga aralin ng hindi ayon sa pagkakasunod-sunod. (Sa susunod na pahina makikita ang listahan ng walong bahagi at ang bagong pagkakasunod-sunod kung paano mo dapat pangunahan ang grupo mo.) Kapag nakumpleto mo na ang walong bahagi ng hindi sunod-sunod, bumalik sa simula ng kurikulum ng Kilalanin si Jesus, at gawin ito nang naaayon sa pagkakasunod-sunod mula simula hanggang wakas (na parang sinisimulan mo ang Paraan 1).

Sa paraang ito, uulitin mo ang bawat walong aralin (bilang pagbabalik-aral) sa pangalawang pagkakataon.

# Pagkakasunod-sunod ng Bahagi para sa Pagbuo ng Pundasyon (Paraan 2):

Bahagi 61 – “Paano Ka Makakasiguro na Kristiyano Ka”
Kung mamamatay ka ngayon, sigurado ka ba, na walang pagdududa, na mapupunta ka sa langit? (Ginagamit ang clip na “Paanyaya para Makilalang Personal si Jesus”)

Bahagi 14 – “Paano Mo Mararanasan ang Pag-ibig ng Diyos at Pagpapatawad”
Kung minsan ba ay nahihirapan kang maniwala na talagang napatawad na ni Jesu Cristo ang lahat mong mga kasalanan? Sa isipan mo ay naniniwala ka, pero paano naman sa kaibuturan ng puso mo? (Ginagamit ang clip na “Napatawad ang Makasalanang Babae”)

Bahagi 26 – “Paano Ka Mapupuspos ng Banal na Espiritu”
Maraming Kristiyano ang hindi pa nakakarinig ng makapangyarihan at nakakapagpalayang mensahe kung paano mapuspos ng Banal na Espirito. (Ginagamit ang clip na “Ang Pagtuturo Tungkol sa Pananalangin at Pananampalataya”)

Bahagi 8 – “Paano Ka Magiging Isang Mabungang Saksi”
Maraming Kristiyano ang nagtataka kung bakit hindi nila nakikitang lumalapit ang iba para makilala si Jesus. Ngunit maaari tayong magkaroon ng makabuluhang impluwensya para kay Jesus kahit saan man tayo magpunta. (Ginagamit ang clip na “Ang Mahiwagang Paghuli ng Isda”)

Bahagi 60 – “Paano Ka Makakatulong sa Dakilang Komisyon”
Ang magandang balita ay dapat maipamahagi sa bawat bansa: ang kapangyarihan ng ebanghelyo at ang kagalakang dulot ng pagkukuwento ng buhay ni Jesus. (Ginagamit ang clip na “ang Dakilang Komisyon at Pag-akyat sa Langit”)

Bahagi 31 – “Paano ka Magmahal ng may Pananampalataya”
Ipinakita ng Mabuting Samaritano ang dakilang tungkulin ng pananampalataya sa pag-ibig sa kapwa. (Ginagamit ang clip na “Ang Talinhaga ng Mabuting Samaritano”)

Bahagi 25 – “Paano Ka Mananalangin ng may Kumpiyansa”
Naisip mo na ba na maaari kang lumapit kahit anumang oras sa pinakamakapangyarihang Nilalang sa buong sansinukob? (Ginagamit ang clip na “Ang Panalangin ng Panginoon”)

Bahagi 38 – “Paano Mo Mararanasan ang Paglalakbay sa Pagbibigay”
Isa sa mga pinaka kapana-panabik na karanasan na maaari mong maranasan ay ang kagalakan ng pagbibigay sa pananampalataya. (Gamitin ang clip na “Ang Alay ng Biyuda”)

# Bahagi 1: Ang Simula - Genesis

Pagbabalik-tanaw

## Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

## Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

## Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

## Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

Pagtunghay

## Panimula

Ang bahagi na ito na mula sa *JESUS* film ay nagpapakita kung paano nilikha ng Diyos ang buong sansinukob kasama ang mundo, mga halaman, mga hayop at mga tao. Ikinukwento nito ang istorya kung paanong si Eba at Adan ay nagkasala at nagrebelde sa Diyos at ang mga kinahinatnan ng kanilang kasalanan. Nalaman natin kung paano nangako ang Diyos kay Abraham at nangako ng Tagapagligtas na mag-aalis ng kasalanan ng buong mundo.

Hakbang 1: Panuorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Nagsimula ang Biblia tungkol sa pagkalikha ng lahat ng bagay. Bakit importante ang mundo sa plano ng Diyos?
3. Ano ang sinasabi ng Kasulatan na dahilan kung bakit nilikha ng Diyos sina Adan at Eba?
4. Ano ang nangyari kay Adan at Eba? Ano ang naging resulta ng mga aksyon nila sa hardin?
5. Dahil mahal pa rin ng Diyos ang mga tao, may plano Siya para mapalapit muli sila sa Kanya. Anong pangyayari sa buhay ni Abraham (sa bahagi ng pelikulang ito) ang nagpapakita kung ano ang kasama sa plano ng Diyos?
6. Sino ang ipinangako ng Diyos na darating bilang sakripisyo sa mga kasalanan ng Kanyang mga tao?

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May mga ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

## Konklusyon

Nilikha ng Diyos ang tao ayon sa wangis Niya para mahalin at ikalugod Siya, ngunit nagkasala ang mga tao sa Diyos at napalayo sa Kanya. May plano ang Diyos na mapalapit muli ang mga tao sa Kanya. Kasama sa planong ito ang ipinangakong Mesiyas: si Jesu Cristo, ang tutubos sa kasalanan.

---

Pag-usad

## Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.

Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.

Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod niyong pagtitipon.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.

## Bahagi 2: Ang Kapanganakan ni Jesus (Lucas 1:26-33, 2:1-7)

Pagbabalik-tanaw

### Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

### Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

### Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

### Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

Pagtunghay

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May mga ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

### Panimula

Ang lahat ay may kaarawan. Ang lahat ay isinilang sa pare-parehong paraan. Kahit si Jesus. Si Jesus ang Anak ng Diyos na piniling mamuhay bilang tao nang isinilang Siya katulad ng lahat. Ginawa Niya ito para makibahagi sa ating pagkatao at ipakita na hindi lamang Siya Diyos ngunit nagkatawang tao rin.

Hakbang 1: Panuorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Ano ang reaksyon ni Maria sa sinabi ng anghel na siya ang magluluwal sa Mesiyas?
3. Bakit sa tingin mo sinabi ni anghel Gabriel na ang sanggol ay Anak ng Diyos?
4. Bakit sa tingin mo importante na ipinanganak si Jesus sa isang birhen?
5. Bakit importante na ipanganak si Jesus sa Bethlehem? (Basahin ang Mikas 5:2)
6. Paano pinagkatiwalaan ni Maria at Jose ang Panginoon sa kabila ng mga pangyayari sa kapanganakan ni Jesus?

### Konklusyon

- Ang paglilihi kay Jesus ay natatangi rin, hindi lamang ang kanyang pagkasilang.
- Si Maria at Jose ay parehong nagtiwala sa Diyos nang panahong ipapanganak si Jesus.
- Si Jesus ay parehong Diyos at Tao na pinatunayan ng pagkasilang Niya sa birheng si Maria.
- Kasama na noon ng Ama si Jesus, ang Anak ng Diyos, bago pa man malikha ang mundo, mga anghel, o iba pang mga bagay na nalikha.

### Katanungan sa Pagsasabuhay

Nabago ba ng Bahagi na ito ang kaisipan mo tungkol sa pagkatao ni Jesus? Kung oo, sa paanong paraan?

---

Pag-usad

### Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.

Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.

Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod niyong pagtitipon.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.

## Bahagi 3: Ang Kamusmusan ni Jesus (Lucas 2:41-52)

Pagbabalik-tanaw

### Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

### Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

### Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

### Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

Pagtunghay

### Panimula

Nag-iwan si Jesus ng halimbawa kung paano tayo lalago sa ating personal na buhay. Ipinapakita ng talata na ito na Siya ay masunurin sa Kaniyang mga magulang; masunurin Siya sa Diyos at lumaki na may paggalang sa Diyos at sa tao. Isa sa mga aral na matututunan natin ay importante na patuloy nating pabutihin ang karakter natin habang naglalakbay tayo sa buhay.

Hakbang 1: Panuorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Ano ang sinabi ng matandang lalaki (Simon) tungkol kay Jesus?
3. Paano pinamangha ni Jesus ang mga tagapagturo? Bakit ito hindi pangkaraniwan?
4. Paano ipinakita ng talata na ito na si Jesus ay hindi lang Diyos ngunit “ganap na Tao” rin?
5. Paano ipinakita ni Maria at Jose kung paano nila pinalaki si Jesus base sa kaugaliang panrelihiyong nakasaad sa Lumang Tipan?
6. Ano ang tawag ni Jesus sa Diyos? Ano ang sinasabi nito sa atin patungkol sa kung anong nalalaman Niya sa sarili Niya sa edad na ito?

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May mga ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

### Konklusyon

Sinunod ni Jose at Maria ang Diyos base sa kung paano nila pinalaki si Jesus noong dinala nila Siya sa Pista ng Paskuwa, nagpapakita ito ng magandang halimbawa ng pagpapalaki ng anak. Nakita natin sa Biblia na alam ni Jesus ang misyon Niya sa buhay noong 12 taong gulang pa lamang Siya. Iniwan ng Diyos ang salaysay ng pagkabata ni Jesus para ipakita kung paano Siya lumaki, ngunit karamihan sa nakasulat ay patungkol sa buhay Niya paglaki at habang naglilingkod, na nais ng Diyos na malaman natin.

---

Pag-usad

### Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.

Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.

Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod niyong pagtitipon.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.

# Bahagi 4: Ang Bautismo ni Jesus mula kay John (Lucas 3:21-22)

Pagbabalik-tanaw

## Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

## Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

## Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

## Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

Pagtunghay

## Panimula

Sa bahaging ito ng Lucas makikita ang pagsisimula ng ministeryo ni Jesus sa publiko. Naglakad si Jesus mula Galileo papuntang Ilog Jordan para mabautismuhan ni Juan. Si Jesus ay hindi binautismuhan ni Juan para magsisi sa kasalanan Niya, dahil kailanman hindi nagkasala si Jesus. Siya ay nabautismuhan para ipakita sa buong mundo na Siya ang kumakatawan sa atin maging sa Kanyang buhay at pati na rin sa kamatayan Niya.

Hakbang 1: Panuorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Ano sa tingin mo ang ibig sabihin ni Juan ng sabihin niyang dapat "magsisi" ang mga tao?
3. Kahit hindi nagkasala si Jesus, bakit sa tingin mo gusto Niyang mabautismuhan?
4. Nang magsalita ang Diyos mula sa langit, bakit sa tingin mo nalulugod ang Diyos kay Jesus?
5. Itinuturo ng Biblia na ang Diyos ay may tatlong persona, ngunit Siya ay iisa. Ito ang tinatawag na "Trinity." Kaya mo bang makita ang tatlong miyembro ng Trinity sa talata na ito? Sinu-sino sila?
6. Ano ang sinabi ni Juan sa magiging layunin ng buhay ni Jesus?

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May mga ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

## Konklusyon

Hindi kailangan ni Jesus na mabautismuhan para sa mga kasalanan Niya, nabautismuhan Siya para kilalanin rin Siya bilang tao. Sa Biblia, ang "pagsisisi" ay nangangahulugang pagkilala kay Jesus at bagong pamumuhay. Natutunan natin dito na ang layunin ng ministeryo ng Diyos ay alisin ang kasalanan ng mundo.

---

Pag-usad

## Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.

Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.

Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod niyong pagtitipon.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.

# Bahagi 5: Tinukso ng Diyablo si Jesus (Lucas 4:1-13)

Pagbabalik-tanaw

### Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

### Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

### Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

### Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

Pagtunghay

### Panimula

Bakit katangi-tangi si Jesus sa lahat ng mga taong nabuhay? Dahil ba ito sa mga turo Niya? Sa mga himala Niya? Maaari, pero isa sa mga bagay na nagtangi kay Jesus sa lahat ng tao ay ang katotohanang kailanman ay hindi Siya nagkasala, sa salita o gawa man Niya. Sinubukan man ng diyablo na udyukan si Jesus sa pagkakasala, hindi siya nagtagumpay. Ito ang unang beses na nabanggit ang diyablo sa Bagong Tipan. Kung natukso man niya si Jesus na gumawa ng kasalanan, (katulad ng ginawa niya kay Eba at Adan), masisira ng diyablo ang plano ng Diyos na iligtas ang buong sangkatauhan.

Hakbang 1: Panuorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Ipaliwanag kung paano tinukso ng diyablo si Jesus na magkasala.
3. Bakit importante na binanggit ni Jesus ang Biblia sa diyablo noong Siya ay tinutukso?
4. Paano napatunayan ng katotohanang nalabanan ni Jesus ang tukso ng diyablo na Siya nga ang Anak ng Diyos?
5. Bakit sa tingin mong mahalagang walang kasalanan si Jesus?
6. Ano ang dapat nating gawin kung tayo ay natutukso?

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May mga ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

### Konklusyon

Pinatunayan ni Jesus na Siya ang Anak ng Diyos dahil hindi Siya nagkasala nang nabubuhay Siya. Ginamit ni Jesus ang Biblia para labanan ang tukso ng diyablo. Tinukso ng diyablo si Jesus noong mahina siya. Patuloy na tinutukso ng diyablo ang mga tao sa iba't-ibang parte ng buhay nila. Gayunpaman, kaya tayong tulungan ni Jesus sa tuwing tayo ay natutukso.

---

Pag-usad

### Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.

Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.

Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod niyong pagtitipon.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.

# Bahagi 6: Ipinahayag ni Jesus ang Katuparan ng Kasulatan (Lucas 4:16-30)

Pagbabalik-tanaw

### Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

### Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

### Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

### Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

Pagtunghay

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May mga ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

### Panimula

May iba't-ibang reaksyon ang mga tao kay Jesus. Tinatanggap ng ibang tao ang mga turo Niya ngunit hindi ang kaligtasang inaalok Niya. Ang iba naman ay hindi pansin si Jesus. At ang malungkot, ang iba ay hindi siya tinanggap, katulad ng ginawa ng mga tao sa Kanya sa sarili Niyang bayan sa Nazaret.

Hakbang 1: Panuorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Ano ang sinasabi ni Jesus tungkol sa Kaniyang sarili ng binasa Niya ang talata mula sa Isaias 61?
3. Ano sa palagay mo ang sinasabi nito sa atin tungkol kay Jesus na inaalala Niya ang mga mahihirap, mga bulag, mga bilanggo at mga naaapi?
4. Nang ginamit ni Jesus ang salitang "magandang balita" sa bersikulo 18, ano sa palagay mo ang ibig Niyang sabihin? May alam ka bang isa pang salita na nabanggit sa Biblia na may kahulugang, "magandang balita"?
5. Nabanggit ni Jesus sa bersikulo 18 na ang "Espiritu ng Panginoon ay sumasaakin." Saan pa natin nakita ang Banal na Espiritu sa buhay ni Jesus?
6. Bakit sa palagay mo hindi tinanggap ng mga tao si Jesus? Ano ang ipinapakita ng puso nila sa pagtanggi sa Kanya? Anong aksyon ang ginawa nila laban kay Jesus?

### Konklusyon

Sinimulan ni Jesus ang Kanyang ministeryo sa pamamagitan ng pagbubunyag na Siya ang Mesias mula sa Lumang Tipan. Inaalala ni Jesus ang pisikal at espirituwal na pangangailangan ng mga tao. Gusto ng Diyos na maniwala ang mga tao sa Kanyang Anak para sila ay maligtas mula sa kanilang mga kasalanan at makapasok sa Kaniyang kaharian.

---

Pag-usad

### Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.

Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.

Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod niyong pagtitipon.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.

# Bahagi 7: Talinhaga ng Pariseo at Maniningil ng Buwis (Lucas 18:9-14)

Pagbabalik-tanaw

## Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

## Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

## Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

## Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

Pagtunghay

## Panimula

Paano kadalasang lumalapit ang mga tao sa Panginoon? Mayroong dalawang karaniwang paraan: maaaring sa pamamagitan ng pagsunod sa listahan ng mga kautusan o pagkakaroon ng pananampalataya. Ang bawat relihiyon maliban sa Kristiyanismo ay mayroong listahan o mga kautusan na dapat sundin para maging matuwid sa paningin ng Diyos. Ang Kristiyanismo, sa kabaligtaran, lamang ang naniniwalang mapapalapit tayo sa Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya... hindi sa pamamagitan ng pagsunod sa mga kautusan para kalugdan Niya tayo. Tinatanggap ng Kristiyanismo ang ginawa ng Diyos para sa atin sa pamamagitan ni Cristo na siyang tanging daan para mapalapit tayo sa Diyos. Sa bahagi na papanoorin natin, ang "Pariseo" ay isang relihiyosong lider sa Israel na responsable sa pagtuturo sa mga tao tungkol sa Diyos. Kailangan nilang sundin ang mga kautusan at mga batas. Pakiramdam nila ay mas mataas sila sa mga tao na dapat nilang pagmalasakitan.

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

Hakbang 1: Panoorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Ang mga maniningil ng buwis ay kinamumuhian ng mga taga Israel dahil nagtatrabaho sila para sa gobyerno ng Romano at naniningil ng matataas na mga buwis. Bakit sa tingin mong pinili ni Jesus ang maniningil ng buwis sa kuwento na ito?
3. Ano ang ugali ng Pariseo kapag siya ay nananalangin? Bakit niya minamaliit ang ibang tao?
4. Ano ang ugali ng maniningil ng buwis? Ano ang hiningi niya sa Diyos na gawin para sa Kanya?
5. Ano sa tingin mo ang ibig sabihin ng salitang "napawalang-sala"? (Tingnan ang Roma 5:1)
6. Sino sa dalawang lalaki sa kuwento ang sa tingin mong umuwi na naging kalugod-lugod sa Diyos? Bakit?

## Konklusyon

Ang Kristiyanismo ay hindi inuutusan ang tao na sumunod sa mga kautusan para maging kalugod-lugod sa Diyos. Tanging pananampalataya lamang. Ang kayabangan ang naglalayo sa mga tao sa Diyos dahil mas nagtitiwala sila sa sarili nila kaysa sa Diyos. Nagpapakita ng awa ang Diyos sa mga taong mabababa ang loob kung hihilingin nila ito.

---

Pag-usad

## Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.

Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.

Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod niyong pagsasama.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.

# Bahagi 8: Malahimalang Paghuli ng Isda (Lucas 5:1-11)

Pagbabalik-tanaw

## Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

## Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

## Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

## Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

Pagtunghay

## Panimula – Paano Ka Magiging Mabungang Saksi

Ginawa ni Jesus ang himalang ito para ipakita sa mga disipulo Niya na Siya ang Mesiyas, na dapat Siyang sundin at maging mga "mangingisda ng mga tao." Naintindihan nilang si Jesus ang Mesiyas, iniwan nila ang kanilang mga lambat at sumunod sa Kanya. Walang mas kapana-panabik at mas nakalulugod sa espirituwal na buhay kung mararanasan mo ang mangisda ng mga tao. Habang sinusunod mo ang mga turo ni Jesus, mapupuno rin ang lambat mo—kahit hindi mo pa ipinapakilala si Cristo sa ibang tao. Maaaring may pag-aalinlangan ka pa katulad ni Pedro. Ngunit kung ikaw ay masunurin din, gagamitin ka ng Diyos para pangunahan ang maraming tao upang maging tagasunod ni Jesus.

Hakbang 1: Panoorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Ano ang hiniling ni Jesus na gawin ni Pedro? Ito ba ay mungkahi o utos? Ano ang sinasabi nito kay Jesus?
3. Ano ang reaksyon ni Pedro sa mga salita ni Jesus?
4. Bakit sa tingin mo sinabi ni Pedro na siya ay "makasalanan"? Bakit niya kaya hiniling kay Jesus na lumayo sa Kanya matapos na himalang makahuli siya ng isda?
5. Paano ipinakita ni Pedro, Santiago, at Juan ang dedikasyon nila kay Jesus?
6. Ano sa tingin mo ang ibig sabihin ni Jesus nang sabihin Niyang sila ay magiging "mangingisda ng mga tao"?
7. Anu-ano ang mga bagay na maaaring pumigil sayo na mag kuwento sa ibang tao patungkol kay Jesus?
8. Sinabi ni Jesus sa kanila na "Huwag matakot." Ano sa tingin mo ang kinakatakutan ng mga disipulo matapos nilang makita ang himala at marinig ang mga salita ni Jesus sa kanila?

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

## Konklusyon

Para maging malagong saksi, kailangang may kumpyansa ka na ikaw ay Kristiyano at wala kang kasalanan sa buhay na hindi mo pa naihihingi ng tawad. Dapat ikaw ay puspos ng Banal na Espiritu. Ito ang mga konsepto sa mga naunang aralin natin. Pagkatapos, dapat ay handa kang ibahagi ang iyong pananampalataya sa pamamagitan ng pag-aaral ng kuwento ng ebanghelyo. Maaari mong ibahagi ang kuwento sa sarili mong mga salita o ipakita ang huling segment ng The Jesus Film sa kaibigan o kapitbahay mo na nangangailangang makakilala kay Jesus. Higit sa lahat, kailangan mong mahalin ang mga tao at mag kusang HUMAYO at IPAMAHAGI ang magandang balita. Manalangin para sa mga pagkakataon at asahan mong gagamitin ka ng Diyos.

---

Pag-usad

## Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.
Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.
Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod niyong pagsasama.
Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.

# Bahagi 9: Muling Nabuhay ang Anak na Babae ni Jairus (Lucas 8:40-42, 49-56)

Pagbabalik-tanaw

### Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

### Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

### Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

### Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

Pagtunghay

### Panimula

Ang dalamhati ay nararanasan ng lahat ng tao. Sa istorya na ito ang ama ay nagdadalamhati dahil sa anak niyang babae, na may sakit, at namatay din kalaunan. Humiling siya kay Jesus na pumunta at pagalingin siya, ngunit huli na ang lahat. Si Jesus, gayunpaman, ay sinabi sa lalaki na maniwala lamang at huwag matakot. Dito binuhay ni Jesus ang dalaga mula sa kamatayan, na siyang pumawi sa kalungkutan ng ama. Ang kahanga-hangang bagay kay Jesus ay kahit hindi man Siya gumawa ng himala para sa atin sa tuwing tayo ay nagdadalamhati, kaya Niyang pagalingin ang ating mga puso at tulungan tayo sa panahon na tayo ay nagdadalamhati at nalulungkot.

Hakbang 1: Panoorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Bakit sa tingin mo ay nagmakaawa si Jairo kay Jesus na tulungan ang kanyang anak na babae? Ano ang ipinapakita nito sa paniniwala niya kay Jesus?
3. Ano ang sinabi ni Jesus kay Jairo nang malaman niya na ang anak niya ay hindi pa patay?
4. Ano ang reaksyon ng magulang ng dalaga nang sinabi ni Jesus na hindi siya patay ngunit natutulog lamang? Bakit sa tingin mong sinabi ito ni Jesus?
5. Ano ang ipinapakita nito tungkol kay Jesus na kaya Niyang bumuhay ng patay?
6. Ano sa tingin mo ang iniisip nila Pedro, Santiago at Juan ng makita nila ang himalang ito?

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

### Konklusyon

Kaya ni Jesus na buhayin ang mga tao mula sa kamatayan, na nagpapatunay muli na siya ang Anak ng Diyos. Nakikiramay si Jesus sa mga nagdadalamhati. Kaya tayong tulungan ni Jesus mula sa takot natin sa kamatayan at pagkawala. Hinihiling ni Jesus na maniwala tayo na kaya Niya tayong tulungan sa ating mga pagsubok at mga paghihirap.

---

Pag-usad

### Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.

Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.

Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod niyong pagsasama.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.

# Bahagi 10: Napili ang mga Disipulo (Lucas 6:12-16)

Pagbabalik-tanaw

### Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

### Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

### Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

### Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

Pagtunghay

### Panimula

Intensyon na ni Jesus na ipagpatuloy ang Kanyang ministeryo sa pamamagitan ng mga tagasunod na Kanyang pinili at tinawag na "mga alagad." Ang ibig sabihin ng salitang ito ay "mga sinugo." Kabaligtaran sa kung paano natin sila tinitingnan, pinili ni Jesus ang mga taong halos walang pinag-aralan, may mabibigat na mga trabaho, tinatawag na mga "makasalanan," at naging mahina minsan sa kanilang pananampalataya at pananalig sa Kanya. Ipinapakita nito na kayang gamitin ni Jesus ang kahit sino kung nanaisin nilang sumunod sa Kanya.

Hakbang 1: Panoorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Bakit sa tingin mong nanalangin muna si Jesus buong gabi bago Niya pinili ang labindalawang alagad?
3. Pinili ni Jesus si Mateo, isang maniningil ng buwis na kinamumuhian ng lahat sa Kanyang sariling bansa. Ano ang ipinapakita nito patungkol kay Jesus?
4. Bakit sa tingin mong tumayo sa Kanyang mesa si Mateo at sumunod kay Jesus? Ano ang kaya niyang isuko para sundin si Jesus?
5. Bakit naghapunan at inimbitahan ni Mateo, pagtapos siyang tawagin ni Jesus, ang Kanyang mga kaibigan para makilala Siya?
6. Ang salitang "alagad" ay nangangahulugang "sinugo." Base sa kung ano nang natutunan mo, ano kaya ang mensahe ng mga alagad nang humayo sila para mag ministeryo?

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

### Konklusyon

Kung mahalaga ang pananalangin para kay Jesus, kailangang mahalaga rin ito para sa atin. Pinili ni Jesus ang pangkaraniwan, pati na rin ang mga makasalanan, para maging alagad Niya.

---

Pag-usad

### Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.

Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.

Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod niyong pagsasama.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.

# Bahagi 11: Mga Beatitude (Lucas 6:20-27)

Pagbabalik-tanaw

## Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

## Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

## Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

## Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

Pagtunghay

## Panimula

Gusto ni Jesus na sumunod din sa Kanya ang mga naniniwala sa Kanya. Alam Niya na mas puspos at mapalad tayo kapag sinusunod natin Siya at ginagawa ang mga utos Niya. Sa bahagi na ito ng aklat ng Lucas, ipinaliwanag ni Jesus kung paano dapat mag isip ang mga tao bago sila maging tagasunod Niya. Inilarawan Niya ang mga tagasunod Niya na "mahihirap" at "nagugutom." Mapapansin natin na ang dawalang salitang ito ay nagpapakita ng kagustuhan ng puso na tanggapin si Jesus bilang Tagapagligtas at maluwag sa kalooban na pagsunod sa Kanya bilang Diyos.

Hakbang 1: Panoorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Nang binanggit ni Jesus ang "naghihirap na espiritu," tinutukoy Niya ang mga taong may espirituwal na pangangailangan hindi ang mga may pinansyal na pangangailangan. Ano sa tingin mo ang ibig sabihin ng may "espirituwal na pangangailangan"?
3. Gayundin, nang binanggit ni Jesus ang mga "nagugutom," tinutukoy Niya ang mga may espirituwal na pagkagutom hindi ang mga may pisikal na pagkagutom. Ano sa tingin mo ang ibig sabihin ng may "espirituwal na pagkagutom"?
4. May mga pagkakataon na ang mga Kristiyano ay hindi nagugustuhan ng mga hindi Kristiyano. Paano dapat tumugon ang mga Kristiyano kapag sila ay tinatrato ng masama?
5. Sinabi ni Jesus na ang mga tagasunod Niya ay "mapalad" kung sila ay inuusig. Paano nagiging mapalad ang mga taong inuusig?
6. Bakit nagiging mahirap para sa mga taong mayayaman sa mga bagay ng mundong ito ang magtiwala kay Jesus?

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

## Konklusyon

Ang ibig sabihin ng pagiging tagasunod ni Jesus ay ang pagkakaroon ng kababaan ng puso. Ang ibig sabihin ng pagiging tagasunod ni Jesus ay nahanap mo na ang kahulugan at kapayapaan sa pagsunod sa mga utos Niya. Ang ibig sabihin ng pagiging tagasunod ni Jesus ay ang pagpapatawad sa mga taong gumawa sayo ng masama. Ang ibig sabihin ng pagiging tagasunod ni Jesus ay umaasa ka na makakarating ka sa langit kung saan matatanggap mo ang gantimpala mo.

---

Pag-usad

## Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.
Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.
Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod niyong pagsasama.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.

# Bahagi 12: Sermon sa Bundok (Lucas 6:24-46)

Pagbabalik-tanaw

## Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

## Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

## Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

## Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

Pagtunghay

## Panimula

Maraming tao ang humahanga kay Jesus. Maraming tao ang pumupuri sa mga turo Niya. Maraming tao ang pumupunta sa simbahan dahil sa tingin nila ito ang gusto ni Jesus mula sa kanila. Ngunit sinabi ni Jesus na ang mga nagmamahal at sumusunod sa Kanya ay ginagawa ang mga sinabi Niya. Hindi Niya ito sinabi upang makapunta ang mga tao sa langit sa pagsunod sa Kanyang mga utos, ngunit para puspusin at pagpalain ang mga buhay nila habang sumusunod sila sa Kanya. Ang katuruan Niya sa Sermon sa Bundok ay naglalarawan sa karakter ng mga taong gustong sumunod at gawin ang Kanyang mga turo.

Hakbang 1: Panoorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Bakit sa tingin mo nais ng mga tao na maging mayaman? Bakit sa tingin mong gumugol ng matagal na oras si Jesus para pag-usapan ang pera?
3. Ano ang reaksyon ng mga tao na nakarinig sa turo ni Jesus sa Kanya?
4. Ano ang ibig sabihin ng salitang "awa"? Sa iyong palagay, paano nagpapakita ng awa ang Diyos sa mga tao?
5. Bakit mahirap magpatawad ng mga taong nakagawa ng masama sayo? Mahirap ba para sa Diyos na patawarin tayo?
6. Base sa turo ni Jesus sa talata na ito, bakit sa tingin mong mali ang manghusga at manuligsa ng mga tao?

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

## Konklusyon

Nagbabala muli si Jesus kung paanong ang kayamanan ay makakahadlang sa pagpunta natin sa langit. Pinaalalahanan tayo ni Jesus na ang Diyos ay maawain at dapat tayong magpakita ng awa rin sa iba. Pinaalalahanan tayo ni Jesus na patawarin ang iba sapagkat tayo ay napatawad na. Pinaalalahanan tayo ni Jesus sa panghuhusga sa iba at pagiging hipokrito dahil baka tayo ay katulad rin ng hinuhusgahan natin.

---

Pag-usad

## Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.

Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.

Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod niyong pagsasama.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.

**Bahagi 13: Hindi kasama.**

**Ang napakaikling bahaging ito ay walang Pag-aaral ng Biblia.**

**Pumunta na sa Bahagi 14.**

# Bahagi 14: Napatawad ang Babaeng Makasalan (Lucas 7:36-50)

Pagbabalik-tanaw

### Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

### Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

### Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

### Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

Pagtunghay

### Panimula – Paano Mo Mararanasan ang Pag-ibig at Kapatawaran ng Diyos

Mahal at gumugol ng oras si Jesus sa mga maniningil ng buwis, mga bayarang babae at mga may sakit. (Noong mga panahong iyon ay tinitingnang makasalanan ang mga taong may sakit dahil sa kapansanan nila.) Kailanman ay hindi tinuligsa ni Jesus ang mga taong ito; sa katotohanan nga, ang mga taong tinuligsa lamang Niya ay ang mga relihiyosong pinuno na tinitingnan ang sarili nila bilang mas nakakataas sa iba. Ang mga relihiyosong pinuno na ito ay nakatuon sa hanay ng mga patakaran at regulasyon na tinatawag nilang "Ang Utos" na dapat sundin ng mga tao para makuha nila ang pagpapatawad at kaluguran ng Diyos. Sinabi ng Bibliya na si Hesu Kristo, sa pamamagitan ng kamatayan Niya sa krus, ang nagpalaya sa atin—nagpalaya mula sa kasalanan, nagpalaya mula sa paghingi ng kaluguran sa Diyos sa pamamagitan ng ating mga sariling gawa, at nagpalaya mula sa pagkaalipin sa pagkakasala na nagmula sa kawalan natin ng kakayahan na sundin "Ang Utos" na ibinigay sa atin.

Hakbang 1: Panoorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Bakit sa tingin mong umiiyak ang dalaga?
3. Ano ang reaksyon ng Pariseo sa ginawa ng dalaga? Ano ang pinagkaiba nito sa reaksyon ni Jesus?
4. Ano ang nais iparating ng istorya tungkol sa pagpapatawad na sinabi ni Jesus sa Pariseo?
5. Paano ipinakita ng dalaga na naniniwala siya kay Jesus?
6. Bakit sa tingin mong hindi inalok ng kahit anong bagay ni Simon si Jesus?
7. Nang sinabi ni Jesus sa dalaga na "iniligtas ka ng iyong pananampalataya," sa tingin mo ay saan siya naligtas?

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

### Konklusyon

Para maranasan ang kapatawaran na naranasan rin ng dalaga sa istorya, kailangan mong "mamuhay sa espirituwal." Namumuhay ka sa espirituwal kung inaaamin mong makasalanan ka ng may pananampalataya. Ipinangako ng Biblia na kapag inamin mo ang mga kasalanan mo sa Kanya, Siya ay tapat at makatuwiran para patawarin ka at linisan ka sa lahat ng mga kamalian (1 Juan 1:9). Una, aminin mo na ang lahat ng iyong kasalanan ay mali at nakakalungkot para sa Diyos. Pangalawa, naniniwala ka na pinatawad na ng Diyos ang iyong mga kasalanan sa pamamagitan ng kamatayan ni Kristo at pagdanak ng Kanyang dugo sa krus. Pangatlo, magsisi. Baguhin mo ang iyong kaugalian, na magreresulta sa pagbabago ng iyong gawa. Sa pamamagitan ng lakas mula sa Banal na Espiritu, talikuran mo ang iyong mga kasalanan at baguhin ang iyong pag-uugali. Sa aralin para sa segment 26, malalalaman natin ang pangalawang bahagi kung paano mamuhay sa espritiwal: Huminga, maging puspos ng Banal na Espirito.

---

Pag-usad

### Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.
Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.
Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod niyong pagsasama.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.

# Bahagi 15: Mga Disipulong Kababaihan (Lucas 8:1-3)

Pagbabalik-tanaw

## Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

## Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

## Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

## Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

Pagtunghay

## Panimula

Sa panahon ni Jesus ang estado ng mga kababaihan ay mababa. Sa kultura ng mga Griyego, ang mga kababaihan ay tinitingnan lamang bilang mga paupahan. Marami ang naniniwala na sinabi sa Utos na ang mga babae ay mas baba sa mga lalaki. Sa katotohanan, nagbanggit ang Lumang Tipan ng estado at kasiguraduhan sa mga kababaihan ng Israel. Gayunpaman, sa kultura ng mga Hudyo, ang mga kababaihan ay nasa ilalim ng awtoridad ng mga kalalakihan at tinitingnan bilang katumbas ng mga alipin at mga maliliit na bata. Pinapahalagahan ni Jesus ang mga kababaihan, na naging sanhi para sumalungat Siya sa Kanyang sariling kultura.

Hakbang 1: Panoorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Ano ang mararamdaman mo kung isa ka sa mga pinagaling ni Jesus noon?
3. Ano ang ipinapakita nito sa atin nang sumunod ang mga kababaihan kay Jesus para ibigay ang kanilang suporta sa ministeryo gamit ang sarili nilang salapi?
4. Ano ang natutunan ng 12 na mga alagad habang kasama nila si Jesus na makakatulong kalaunan sa kanilang sariling mga ministeryo para sa Kanya?
5. Ano ang ipinapakita nito sa atin patungkol kay Jesus ng hinayaan Niyang mag ministeryo sa Kanya ang mga kababaihan at hinayaan Niyang sumunod sila sa Kanya habang nagtuturo at pinapagaling Niya ang mga tao?
6. Isipin mo kung paano tinitingnan ng karamihan ang mga kababaihan sa iyong lipunan. Ano ang pinagkaiba ng iyong kultura sa kung paano tinrato at tiningnan ni Jesus ang mga kababaihan?

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

## Konklusyon

Ang pananaw ni Jesus sa mga kababaihan ay lubhang naiiba mula sa kultura ng mga Griyego, Romano o Hudyo. Hinayaan ni Jesus na maglakbay ang mga kababaihan kasama Niya, suportahan Siya at mag ministeryo kasama Niya. Nagbigay ng ihemplo si Jesus sa atin kung paano tratuhin ang mga kababaihan ng may respeto, dignidad at pagmamahal.

---

Pag-usad

## Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.

Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.

Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod niyong pagsasama.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.

# Bahagi 16: Si Juan Bautista sa Bilangguan (Lucas 7:18-23)

Pagbabalik-tanaw

## Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

## Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

## Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

## Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

Pagtunghay

## Panimula

Natural sa mga Kristiyano na magkaroon ng pag-aalinlangan. Dahil nakatira tayo sa makasalanang mundo, at ginugulo pa rin ng ating mga kasalanan, magkakaroon pa rin tayo ng mga pagaalinlangan. Maaari tayong mag-alinlangan na mahal tayo ng Diyos, maaari tayong mag-alinlangan na aalagaan tayo ng Diyos, at maaari tayong mag-alinlangan kung totoo ba ang Bibliya. Sa segment na ito ipinapakita na pati si Juan na Tagapagbautismo ay nag-alinlangan kung sino si Jesus. Kaya tayong tulungan ni Jesus sa ating mga pag-aalinlangan, katulad ng kung paano tinulungan ni Jesus si Juan na Tagapagbautismo.

Hakbang 1: Panoorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Bakit ipinadala ni Juan ang dalawa niyang alagad kay Jesus? Ano sa tingin mo ang inaasahang marinig ni Juan?
3. Bakit sa tingin mong mahalaga para kay Jesus na gumawa ng mga himala sa simula ng Kanyang ministeryo?
4. Bakit sinagot ni Jesus ang mga alagad ni Juan sa pamamagitan ng pagbanggit ng mga bagay na nagawa Niya (pagpapagaling ng may sakit, bulag, lumpo)? Bakit hindi na lamang niya sinabing, Oo, Ako nga ang Darating?
5. Kahit may mga pag-aalinlangan si Juan, paano siya inilarawan ni Jesus?
6. Umasa si Juan sa mga narinig niya tungkol sa ministeryo ni Jesus kumpara sa makita niya mismo ang ministeryo ni Jesus. Paano makakatulong ang pag-aaral natin ng mga himala ni Jesus mula sa Bibliya para maniwala tayo sa Kanya?

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

## Konklusyon

Ang pag-aalinlangan at pananampalataya ay hindi magkatugma. Walang tao ang may perpektong pananampalataya. Ang mga himala ni Jesus ang nagpatunay na Siya ang Mesiyas, ang Darating na hinihintay ni Juan na Tagapagbautismo. Gumawa ng mga miraglo si Jesus sa simula ng Kanyang ministeryo para patunayan na Siya nga ang Mesiyas. Mas kaunti ang ginawa Niyang mga himala at dumami ang Kanyang mga turo habang umuusad ang Kanyang ministeryo. Maaari kang maniwala sa mga himala ni Jesus, kahit hindi mo pa nakikita ang mga ito, dahil ang Bibliya ay isang tunay na ulat sa buhay ni Jesus.

## Katanungan sa Pagsasabuhay

Nabago ba ng Bahaging  ito ang paniniwala mo tungkol kay Jesus? Kung oo, sa paanong paraan?

---

Pag-usad

## Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.
Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.
Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod niyong pagsasama.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.

# Bahagi 17: Talinhaga ng Naghahasik at ang Buto (Lucas 8:4-15)

Pagbabalik-tanaw

## Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

## Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

## Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

## Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

Pagtunghay

## Panimula

Tinuruan ni Jesus ang mga tao sa pamamagitan ng mga sermon, sa pamamagitan ng mga tanong at mga sagot at sa mga "talinhaga." Ang mga talinhaga ay mga pinalawak na analohiya o mga inspiradong paghahambing at karaniwang paraan ito ng pagtuturo sa ibang tao sa panahon ni Jesus sa pamamagitan ng pagkukuwento ng mga istorya. Ang isa pang paraan para ma-ilarawan ang talinhaga ay ito ay "isang makamundong istorya na may makalangitang kahulugan."

Hakbang 1: Panoorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Ano ang apat na lupa na binanggit ni Jesus sa talinhaga na ito? Ano ang sinabi na Jesus na nirerepresenta ng bawat lupa?
3. Ano sa tingin mo ang ibig sabihin ni Jesus nang sinabi Niyang, "Makinig ang may pandinig?"
4. Anong klaseng tukso ang magdudulot sa mga tao na sumuko sa kanilang pananampalataya sa Diyos?
5. Sinabi ni Jesus na ang matabang lupa ay nag-aani ng bunga. Ano ang espirituwal na bunga na sinasabi ni Jesus dito?
6. Ano ang magagawa natin para ihanda ang ating mga lupa na magamit ng Diyos upang mamunga pa sa ating mga buhay?

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

## Konklusyon

Ipinaliwanag ni Jesus kung bakit naniniwala ang iba at ang iba naman ay hindi. Ipinaliwanag ni Jesus kung gaano kahalaga ang Salita ng Diyos para maniwala ang mga tao. Ipinaliwanang ni Jesus kung paano napapalayo ang mga tao sa pananampalataya dahil sa kayamanan.

## Katanungan sa Pagsasabuhay

Bilang isang maliit na grupo o Samahan ng mga Mananampalataya, paano mo mapapalaki ang epekto mo sa komunidad na tinitirhan mo?

---

Pag-usad

## Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.

Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.

Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod niyong pagsasama.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.

# Pang-apat na Hakbang

# 04

## Oras na para palaguin ito!

Sa Bahagi 17 sa *JESUS* film, itinuro ni Jesus ang tungkol sa paglago. Sa puntong ito, ang iyong maliit na grupo ay magiging handa na simulan muli ang Unang Hakbang para magtatag ng bagong samahan!

Matututunan na nila ang kapangyarihan ni Jesus laban sa diablo, ang Kanyang kapangyarihan sa kalikasan, ang Kanyang kapangyarihan para pagalingin ang mga may sakit, patawarin ang kasalanan, ang karakter ng tagasunod ni Jesus at ang inaasahan ni Jesus sa paglago.

Maaaring nakita mo na kung sino ang masugid na tagasunod, ang iyong Timoteo, na siyang mangunguna sa bagong grupo na ito. Tulungan mo siyang sundin ang 1-4 na mga hakbang para makapagsimula ng lumalaking bagong samahan!

Idinadalangin namin na pagpalain ka ng Diyos habang nagtitiwala kang gagamitin ka Niya upang palawakin ang Kanyang dakilang kaharian!

ANG BAGONG GRUPO NA NAGSIMULA AY DAPAT BUMALIK SA UNANG PAHINA NG LIBRONG ITO PARA SIMULAN ANG PROSESO MULI!
ANG MGA NATIRA SA GRUPO NA ITO AY DAPAT MAGPATULOY SA ARALIN 18 AT SUSUNOD PA!

# Bahagi 18: Talinhaga ng Ilaw (Lucas 8:16-18)

Pagbabalik-tanaw

## Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

## Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

## Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

## Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

Pagtunghay

## Panimula

Isipin mo kung ano ang nagagawa ng ilaw. Kung walang ilaw ay wala tayong magagawa na kahit ano kapag wala nang araw. Mamumuhay tayo sa takot sa kung ano ang nasa kadiliman. Hindi natin makikita kung saan tayo papunta kung walang ilaw. Hindi lamang natin nakikita ang mga maaaring kapahamakan kapag may ilaw, ngunit kampante rin tayo kapag nakikita natin ang ating mga mahal sa buhay at kapaligiran. Ano ang mangyayari sa buhay natin kung walang ilaw? Isipin mo kung ano ang pakiramdam ng tumira sa isang lugar na laging madilim!

Hakbang 1: Panoorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Karaniwang gumagamit si Jesus ng mga paglalarawan sa Kanyang mga mensahe. Ano ang sinasabi nito sa atin patungkol sa Kanya?
3. Paano sa tingin mong ang halimbawa ng ilaw ay natutulad sa mga taong nakakaalam ng katotohanan? Sino ang binabanggit ni Jesus nang binanggit Niya ang patungkol sa ilaw?
4. Ano sa tingin mo ang ibig sabihin ni Jesus nang sinabi Niyang, “Walang natatago na hindi nalalantad.” Anong pangyayari ang binabanggit Niya?
5. Bakit hahatulan ng Diyos ang mga tao? Ano sa tingin mo ang rason nito?
6. Ano ang ibig sabihin ng banggitin Niyang, “ang mayroon ay bibigyan pa”? Ano ang relasyon nito sa pamumuhay ng mga Kristiyano bago sila pumunta sa langit?

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

## Katanungan sa Pagsasabuhay

Ano ang sasabihin mo sa Diyos kung kailangan mong humarap sa Kanya ngayon at ipaliwanag kung paano ka namuhay?

---

Pag-usad

## Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.

Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.

Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod niyong pagsasama.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.

# Bahagi 19: Pinatigil ni Jesus ang Bagyo (Lucas 8:22-25)

Pagbabalik-tanaw

## Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

## Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

## Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

## Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

Pagtunghay

## Panimula

Muntik ka na bang mamatay? Nakaranas ka na ba ng bagyo, ng baha, ng sunog, ng aksidente sa sasakyan, ng digmaan o ng matinding karamdaman? Kung nakaranas ka na, ibahagi mo saglit ang iyong kuwento sa grupo at paano ito nakaapekto sa buhay mo?

Hakbang 1: Panoorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Ano sa tingin mo ang ipinapakita nito tungkol kay Jesus ng makatulog Siya sa likod ng bangka habang may malakas na unos na bumugso sa dagat?
3. Ano ang mararamdaman mo kung nasa bangka ka noon habang may malakas na bagyo? Ano sa tingin mo ang mga emosyong mararamdaman mo?
4. Ano ang sinabi ni Jesus na kulang sa kanilang pamumuhay?
5. Ano ang ipinapakita nito tungkol kay Jesus ng napahinto Niya ang bagyo sa pamamagitan ng salita lamang?
6. Kung may pananampalataya talaga ang mga alagad kay Jesus, ano sa tingin mo ang reaksyon nila dapat habang bumabagyo?

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

## Konklusyon

Ipinakita ni Jesus na Siya ay tao rin noong nakatulog Siya habang bumabagyo, dahil napagod Siya sa pagmiministeryo. Pero, pinatunayan ni Jesus na Siya ang Mesiyas nang pahintuin Niya ang bagyo. Inaasahan ni Jesus na alam ng mga alagad na iingatan Niya sila habang bumabagyo. At inaasahan Niya na may pananampalataya ang mga alagad para maniwala sa Kanya.

---

Pag-usad

## Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.

Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.

Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod niyong pagsasama.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.

# Bahagi 20: Pinagaling ni Jesus ang Nasapian (Lucas 8:26-39)

Pagbabalik-tanaw

## Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

## Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

## Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

## Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

Pagtunghay

## Panimula

Isa sa mga responsibilidad ng mga Kristiyano ay ang magbahagi sila sa ibang tao patungkol sa Kanya. Maaari itong magawa sa iba't ibang paraan at iba't ibang mga lugar. Ginawa ito ni Jesus na parte ng Dakilang Tagubilin ng sinabi Niyang, "Humayo kayo sa buong mundo at ipangaral ang Magandang Balita sa lahat ng tao." Ang unang parte sa pagdidisipulo ay ang pagbabahagi sa ibang tao kung sino si Jesus. Sa kuwento na ito ay matapang na nilapitan ni Jesus ang lalaking inabanduna na ng lahat. Pinatunayan Niyang Siya ang Anak ng Diyos ng napalayas Niya ang mga demonyo.

Hakbang 1: Panoorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Ano ang tawag ng mga demonyo kay Jesus? Ano ang ipinapakita nito na pagkakakilala nila kung sino Siya?
3. Paano naapektuhan ng mga demonyo ang lalaking sinapian?
4. Bakit sa tingin mong hiniling ng mga demonyo na hayaan silang sumapi sa mga baboy? Ano ang maaaring ipinapakita nito sa atin tungkol sa mga demonyo?
5. Ano ang reaksyon ng mga nakakita sa nangyari? Ano sa tingin mo ang iniisip nila kay Jesus?
6. Ano ang ginawa ng lalaki pagkatapos siyang lisanin ng mga demonyo? Ano sa tingin mo ang tingin niya kay Jesus? Ano ang sinabi ni Jesus sa Kanya?

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

## Katanungan sa Pagsasabuhay

Ano ang mga bagay na kinatatakutan mo? Paano ka matutulungan ni Jesus na mapagtagumpayan ang takot mo?

---

Pag-usad

## Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.

Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.

Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod niyong pagsasama.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.

## Bahagi 21: Pinakain ni Jesus ang 5,000 (Lucas 9:10-17)

Pagbabalik-tanaw

### Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

### Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

### Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

### Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

Pagtunghay

### Panimula

Dumating si Jesus sa mundo upang mapalapit muli tayo sa Diyos sa pamamagitan ng pagpapatawad sa ating mga kasalanan. Subalit, may malasakit din si Jesus sa mga pisikal nating pangagailangan. Hindi Niya laging tutugunin ang mga pangangailangan natin sa mga paraang nais natin, para magtiwala pa tayo sa Kanya. Gusto ni Jesus na maintindihan natin na ang bawat isa sa atin ay kailangang magtulungan sa pisikal at espirituwal na aspeto. Sa kuwento ay himalang napakain ni Jesus ang mga alagad at 5,000 pang mga tao!

Hakbang 1: Panoorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Anong mga isyu ang inaalala ng mga alagad na ipinaalam nila kay Jesus?
3. Ano sa tingin mo ang nais maisakatuparan ni Jesus sa tugon Niya sa mga alagad?
4. Anong ipinapakita ng sagot nila sa kung paano tinitignan ng mga alagad ang sitwasyon?
5. Ano ang ipinapakita nito tungkol sa kakayahan ni Jesus na magparami ng kakaunting pagkain at pakainin ang libu-libong mga tao.
6. Ano sa tingin mo ang natutunan ng mga alagad ng ipunin nila ang mga sobrang pagkain?

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

### Katanungan sa Pagsasabuhay

Ano ang ginagawa mo sa tuwing ang pangangailangan mo ay mas marami kaysa sa pinagkukunan mo?

Ang pagkakaroon ng problema ay nakakatulong para matutunan nating magtiwala kay Jesus sa mga mabibigat na sitwasyon.

---

Pag-usad

### Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.

Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.

Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod niyong pagsasama.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.

# Bahagi 22: Ipinahayag ni Pedro na si Jesus ay si Cristo (Lucas 9:18-20)

**Pagbabalik-tanaw**

### Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

### Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

### Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

### Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

**Pagtunghay**

### Panimula

Sa kalaunan ay dapat magdesisyon ang lahat kung ano ang paniniwala nila kay Jesus. Maraming tao ang hindi gumagawa ng aktibong desisyon sa halip ay pinipili nilang iwasan ito. Pinili nilang huwag magdesisyon tungkol sa Kanya at mamuhay na walang inaaalala. Ang iba ay aktibong nagsasabi, “Oo, susunod ako sa Kanya” o, “Hindi, sa tingin ko ay mabuting Siyang tao pero ayos na akong mamuhay sa sarili ko.” Sa talata na ito, kailangang magdesisyon ni Pedro para sa sarili niya.

Hakbang 1: Panoorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Paano nakaapekto ang nakita at narinig ni Pedro sa pahayag niya kung sino si Jesus?
3. Bakit gumugol si Jesus ng maraming oras sa pananalangin? Paano ito naging magandang halimbawa sa mga tagasunod Niya?
4. Ano ang sinasabi ng katotohanang hindi kilala ng mga tao si Jesus tungkol sa kanila?
5. Ano ang sinabi ng mga mga tao kung sino si Jesus?
6. Bakit sa tingin mong kilala ni Pedro si Jesus at ang mga tao naman ay hindi?

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

### Katanungan sa Pagsasabuhay

Paano nakaapekto ang paniniwala ng ibang tao sa paningin mo kay Jesus? Paano ka nagdesisyon kung sino si Jesus?

---

**Pag-usad**

### Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.

Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.

Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod niyong pagsasama.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.

# Bahagi 23: Ang Transpigurasyon (Lucas 9:28-36)

Pagbabalik-tanaw

## Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

## Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

## Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

## Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

Pagtunghay

## Panimula

Maraming tao ang may pananaw tungkol sa buhay. Maraming mga relihiyon. Maraming mga impormasyon na makikita kung saan mababasa mo kung paano mahahanap ang kahulugan ng buhay. Saan tayo tutungo para malaman kung ano ang dapat nating paniwalaan? Ang sagot sa pinakamalaking tanong ng buhay ay madali lamang: Makinig kay Jesus. Bakit? Dahil sa sinabi Niya, dahil sa ginawa Niya at dahil Siya lamang ang kaisa-isahang tao na nabuhay muli pagkatapos mamatay. Si Jesus ang dapat nating pakinggan sa tuwing may mga tanong tayo patungkol sa buhay.

Hakbang 1: Panoorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Dito nakita muli natin si Jesus na nanalangin. Ano sa tingin mo ang ipinanalangin ni Jesus?
3. Ano ang ipinapakita nito ng magbagong anyo si Jesus? Ano ang salitang ginamit para ilarawan ang Kanyang bagong anyo?
4. Bakit sa tingin mong kasama ni Jesus si Moises at Elijah? Ano ang pinag-uusapan nila kasama si Jesus?
5. Ano ang reaksyon ni Pedro ng makita niyang kasama ni Jesus si Moises at Elijah? Ano sa tingin mo ang magiging reaksyon mo?
6. Bakit sa tingin mong inutusan sila ng Diyos na makinig kay Jesus?

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

## Katanungan sa Pagsasabuhay

Kung kailangang manalangin ni Jesus palagi, gaano pa kaya tayo dapat manalangin?
Kontento ka ba sa iyong buhay pananalangin? Gusto mo bang maggugol pa ng oras sa pananalangin?
Ano ang mga bagay na humahadlang sa iyo upang manalangin pa?

---

Pag-usad

## Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.

Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.

Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod niyong pagsasama.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.

# Bahagi 24: Pinagaling ni Jesus ang Batang Lalaki mula sa Masamang Espiritu (Lucas 9:37-45)

Pagbabalik-tanaw

## Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

## Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

## Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

## Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

Pagtunghay

## Panimula

Ang bawat tao ay may iba't-ibang antas ng pananampalataya. Ang tanong ay hindi kung mayroon kang pananampalataya bagkus, ano ang layunin ng iyong pananampalataya. Ang bawat Kristiyano ay may espirituwal na paglalakbay sa kanilang pananampalataya, isang paglalakbay na nagsimula sa pananampalataya kay Jesus. Ang lahat ay may iba't-ibang kinalalagyan sa kanilang espirituwal na paglalakbay kasama si Jesus at magpapakita ng iba't-ibang antas ng pananampalataya. Ang ating pananampalataya ay hindi magiging perpekto kailanman, ngunit maaari itong maging masagana. Isa sa mga panalangin natin dapat ay ang, Panginoon, palakasin mo ang aking pananampalataya!

Hakbang 1: Panuorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Sino ang kinakausap ni Jesus ng sinabi Niyang, "Lahing napakasama at walang pananampalataya"? Ano ang pinupuna Niya?
3. Bakit tinrato ng masamang espiritu ang bata sa ganoong paraan? Ano ang sinasabi nito sa atin sa ugali at karakter ni Satanas at ng kanyang mga demonyo?
4. Ano ang sinasabi nito tungkol kay Jesus ng mabilis na napalayas ni Jesus ang espiritu at napagaling ang batang lalaki?
5. Ano ang reaksyon ng mga taong nakakita ng himalang ito?
6. Ano ang ipinapakita ng kanilang reaksyon sa atin sa kanilang pinaniniwalaan tungkol kay Jesus?

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May mga ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

## Katanungan sa Pagsasabuhay

Ano sa buhay mo ang higit na gumagambala sa iyo ngayon?
Sa paanong paraan ka kaya matutulungan ni Jesus sa sitwasyong ito?

---

Pag-usad

## Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.

Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.

Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod ninyong pagtitipon.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.

# Bahagi 25: Ang Panalangin ng Panginoon (Lucas 11:1-4)

Pagbabalik-tanaw

## Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

## Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

## Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

## Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

Pagtunghay

## Panimula – Paano Ka Mananalangin ng may Kumpiyansa

Sinasabi na, “Ang pananalangin ay parang pag-uusap ng dalawang tao na nagmamahalan—ang Diyos at ang tao.” Sa madaling salita, ang pananalangin ay pakikipag-usap sa Diyos. Ang pananalangin ay higit pa sa salita, subalit. Ito ay ekspresyon ng puso mo sa Diyos. Ito ay isang karanasan na para kang nasa isang relasyon at hindi lamang ito aktibidad. Bilang anak ng Diyos, ikaw ay iniimbitahan na lumapit ng matapang sa Kanya sa pamamagitan ng pananalangin.

Hakbang 1: Panuorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Bakit sa tingin mo’y hiniling ng isa sa mga alagad na turuan sila ni Jesus na manalangin pagkatapos Niyang magdasal?
3. Kanino sinabi ni Jesus na dapat nating idirekta ang ating mga panalangin? Bakit ito mahalaga?
4. Nang sinabi ni Jesus na, “Dumating nawa ang iyong kaharian,” ano ang ipinapahiwatig Niya tungkol sa hinaharap?
5. Ano ang ibig sabihin ng hiniling ni Jesus ang Diyos na bigyan sila ng “pagkain sa araw-araw”? Ano sa tingin mo ang kahalagahan ng salitang “araw-araw”?
6. Bakit sa tingin mo ikinonekta ni Jesus ang paghingi natin ng kapatawaran sa Diyos sa kagustuhan nating magpatawad ng mga taong nagkasala sa atin?
7. Bakit sa tingin mong mahirap minsan magpatawad ng mga taong nagkasala o nakagawa ng mali sa atin?
8. Paano tayo matutulungan ng Diyos sa panahong tinutukso tayo?

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May mga ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

## Konklusyon

Ang pananalangin ay pribilehiyo sa ating mga Kristiyano. Nananalangin tayo para makipag-isa sa Diyos. Nananalangin tayo para sabihin ang ating mga pangangailangan at kagustuhan sa Diyos. Nananalangin tayo para dalhin ang ating mga alalahanin at takot sa Kanya. Nananalangin tayo para hilingin sa Diyos na tulungan ang mga pinagmamalasakitan natin. Nananalangin tayo sa Diyos na tulungan ang iba na maintindihan ang ebanghelyo at lumapit kay Cristo. Inutos ng Diyos na patuloy tayong manalangin. Nananalangin tayo sa Ama sa pangalan ng Panginoong Jesu Cristo sa pamamagitan ng ministeryo ng Banal na Espiritu. Nananalangin tayo sa Diyos na may pagsamba, pagtatapat, pasasalamat at pagsusumamo. Habang nananatili tayo sa Kanya, maaari tayong manalangin nang may pagtitiwala.

---

Pag-usad

## Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.

Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.

Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod ninyong pagtitipon.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.

# Bahagi 26: Ang Pagtuturo Tungkol sa Pananalangin at Pananampalataya (Lucas 11:9-13; 12:22-30; 17:5-6)

Pagbabalik-tanaw

## Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

## Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

## Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

## Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

Pagtunghay

## Panimula - Paano Ka Mapupuspos ng Banal na Espiritu

Sa pagtuturo ng pananalangin at pananampalataya, ginamit ni Jesus ang mga pares ng salitang ito: “Humingi/Bibigyan,” “Humanap/Makakatagpo,” “Kumatok/Pagbubuksan.” Binigyan Niya ng mahalagang punto ang kagustuhan ng Ama na ibigay sa atin ang kabuuan ng Banal na Espiritu, kung hihingi tayo. Habang napupuspos ang mga alagad ng Banal na Espiritu, nakatanggap sila ng kamangha-manghang kapangyarihan mula sa Diyos na nagbago sa kanila mula sa mga taong laging nangangamba patungo sa pagiging nagnining na mga testigo ni Cristo.

Hakbang 1: Panuorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Ano ang mga kondisyon na sinabi ni Jesus kung paano Niya sasagutin ang mga panalangin? Bakit may mga panalangin na maaring hindi tugunin ng Diyos? Magbigay ng halimbawa.
3. Ano sa tingin mo ang ibig sabihin in Jesus ng sabihin Niyang, “Kung kayo nga na masasama”? Bakit kaya ang mga tao ay kayang maging mabuti at masama?
4. Basahin ang Efeso 5:18 sa iyong Biblia. Ano ang utos na ibinigay ng Diyos sa atin sa talata na ito?
5. Bakit sa tingin mo’y mahalaga na mayroon tayong kapangyarihan ng Banal na Espiritu sa atin?
6. Paano makikita ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu sa buhay ng Kristiyano?

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May mga ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

## Konklusyon

Ang Banal na Espiritu ay ang Diyos mismo. Dumating Siya para manirahan sa puso mo ng oras na tinanggap mo si Cristo bilang Tagapagligtas. Dumating ang Banal na Espiritu para itaas si Cristo at gabayan ang mga mananampalataya sa katotohanan. Ang kapuspusan ng Banal na Espirito ay kapuspusan rin kay Cristo. Puspos tayo ng Banal na Espiritu sa pamamagitan ng pananampalataya. Una, dapat hangarin natin magkaroon ng buhay na kalugod-lugod sa Diyos. Pangalawa, dapat ay gustuhin natin na isuko ang buong buhay natin sa Kanya. Pangatlo, dapat nating ipagtapat ang lahat ng kasalanan ipinaalala sa atin ng Diyos. At sa pamamagitan ng pananampalataya, dapat tayong magtiwala sa Diyos na mapupuspos tayo ng Kanyang Banal na Espiritu, at bibigyan tayo ng lakas na mamuhay sa buhay na inilaan Niya para sa atin.

---

Pag-usad

## Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.
Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.
Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod ninyong pagtitipon.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.

# Bahagi 27: Kaawa-awa ang Taong Nagiging Sanhi ng Pagkakasala ng Iba (Lucas 17:1-4)

Pagbabalik-tanaw

## Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espiritwal na pangangailangan, isports, atbp.)

## Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

## Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

## Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

Pagtunghay

## Panimula

Ito ay maikling bahagi lamang, ngunit ang mensahe nito ay mahalaga. Tumatalakay ito sa kasalanan at relasyon natin sa ibang tao. Sinabi ni Jesus na ang tukso ay siguradong darating, ngunit kaawa-awa ang taong nagiging sanhi ng pagkakasala ng iba.  Buksan ang Biblia sa Lucas 17:1-4 at basahin ang mga bersikulo na sinusundan ang mga salita ni Jesus sa bahagi na ito.

Hakbang 1: Panuorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Ano ang ibig sabihin ni Jesus ng sabihin Niyang, "Tiyak na darating ang mga tukso na nagiging sanhi ng pagkakasala"? Ano ang sinasabi nito tungkol sa ating mga buhay?
3. Ano ang sinasabi ni Jesus sa mga taong nagiging sanhi ng pagkagalit ng iba? Ano ang sinasabi nito tungkol pagpapahalaga ni Jesus sa mga tao at relasyon sa kanila?
4. Sino sa tingin mo ang tinutukoy ni Jesus ng sinabi Niyang, "sa mga maliliit na ito"? Bakit sa tingin mong mahalaga ito?
5. Paanong ikaw at ako ay maaaring "makasakit" ng ibang tao? Magbigay ng ilang mga halimbawa.
6. Ano ang mga hakbang na dapat nating gawin kapag nasaktan tayo ng kapatid natin?

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May mga ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

## Katanungan sa Pagsasabuhay

Nahihirapan ka ba na patawarin ang mga taong nagkasala sayo? Bakit o bakit hindi? Ano ang mga bagay na natutunan mo sa pag aaral na ito na makakatulong sayo?

---

Pag-usad

## Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.

Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.

Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod ninyong pagtitipon.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.

**Bahagi 28: Hindi kasama**

**Ang napakaikling bahagi na ito ay walang Pag-aaral ng Biblia.**

**Pumunta na sa Bahagi 29.**

# Bahagi 29: Si Jesus ay Gumugol ng Oras sa mga Makasalanan (Lucas 5:29-32)

Pagbabalik-tanaw

## Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

## Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

## Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

## Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

Pagtunghay

## Panimula

Madalas ay mas gumugugol tayo ng oras sa mga taong katulad natin. Kadalasan, iniiwasan natin ang mga taong naiiba sa atin, lalo na kapag itinuturing natin silang "masasamang tao." Maaaring hindi natin alam ang sasabihin sa kanila. Maaaring hindi natin alam paano umasta kasama sila. Maaaring ayaw nating makita na kasama nila o hindi tayo komportable na makasama sila. Gayunpaman, si Jesus ay hindi nailang na makasama ang mga "makasalanang" tao. Sa katotohanan, tila gumugol Siya ng makabuluhang oras kasama ang mga itinuturing na mga itinakwil ng lipunan: mga maniningil ng buwis, mga maysakit, mga bulag, mga dayuhan mula sa ibang lugar, mga ketongin at pati na rin ang mga bayarang babae.

Hakbang 1: Panuorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Bakit nagulumihan ang mga Pariseo ng makita nila si Jesus na kumain kasama ang mga "makasalanan"?
3. Ano sa tingin mo ang ibig sabihin ng sinabi ni Jesus na, "sila na walang sakit"? Sino ang tinutukoy Niya?
4. Sino ang tinutukoy Niya ng sabihin Niyang, "sila na maysakit"? Ano ang ibig sabihin niya sa paggamit ng salitang "maysakit"?
5. Ano sa tingin mo ang ibig sabihin ng salitang "pagsisisi"? Saan natin narinig ang salitang ito? (Bumalik sa Aralin 4 kung may oras pa)
6. Bakit ang tingin ng mga Pariseo ang mga maniningil ng buwis ay mga "makasalanan"?

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May mga ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

## Katanungan sa Pagsasabuhay

Sinong mga tao sa iyong kultura ang maaaring maikonsidera bilang mga itinakwil?
Paano mo dapat tingnan ang mga taong ikinokonsidera ng inyong kultura bilang mga "makasalanan"?

---

Pag-usad

## Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.

Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.

Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod ninyong pagtitipon.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.

# Bahagi 30: Pagpapagaling sa Araw ng Pamamahinga (Lucas 13:10-17)

Pagbabalik-tanaw

## Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espiritwal na pangangailangan, isports, atbp.)

## Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

## Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

## Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

Pagtunghay

## Panimula

Minahal ng mga tao si Jesus, at minahal din Niya ang mga ito. Ang tanging mga tao na mukhang hindi nagustuhan si Jesus ay ang mga relihiyosong lider ng Israel. Madalas ay mabibigat ang salita ni Jesus sa kanila, dahil sinubukan nilang kontrolin ang mga tao sa pamamagitan ng mga batas at tradisyon na inimbento nila. Hindi nais ni Jesus na kontrolin ang mga tao; gusto Niyang palayain sila. Hindi rin Niya gusto ang pera ng mga tao, katulad ng ginawa ng mga relihiyosong lider, gusto ni Jesus ang mga puso nila.

Hakbang 1: Panuorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Ano ang tugon ng babaeng pinagaling? Ano kaya ang naramdaman niya kay Jesus pagkatapos niyang gumaling?
3. Ano ang reaksyon ng tagapamahala ng sinagoga kay Jesus? Ano kaya ang iniisip niya tungkol sa Kanya?
4. Paano sinagot ni Jesus ang tagapamahala ng sinagoga? Paano naihayag ang puso ng lalaki sa pamamagitan ng pakikitungo sa kanya ni Jesus?
5. Ano ang hipokrito? Maaari ka bang magbigay ng halimbawa?
6. Bakit napansin ng mga tao na gumagawa si Jesus ng mga “dakilang bagay” at hindi naman ng mga relihiyosong lider? Ano ang sinasabi ng katotohanang ito tungkol sa parehong grupo?

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May mga ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

## Katanungan sa Pagsasabuhay

Ano ang natutunan mo kay Jesus sa aralin na ito?
Kanino ka mas natutulad, sa mga relihiyosong lider or sa mga tao?

---

Pag-usad

## Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.

Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.

Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod ninyong pagtitipon.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.

# Bahagi 31: Ang Talinhaga ng Mabuting Samaritano (Lucas 10:25-37)

Pagbabalik-tanaw

### Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

### Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

### Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

### Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

Pagtunghay

### Panimula – Paano ka Magmahal ng may Pananampalataya

Ang pag-ibig ang pinakadakilang bagay sa mundo—ang pinakadakilang pribilehiyo at kapangyarihan na alam ng tao. Sa kuwento na ito ay may isang dalubhasa ang nagpahayag ng katotohanan ng sinabi niyang dapat nating mahalin ang Diyos at ang ating kapwa tulad ng sarili natin. Ngunit tinanong niya si Jesus, “Sino ang iyong kapwa?” Sinagot siya ni Jesus sa pamamagitan ng talinhaga kung saan ang Samaritano (nabibilang sa grupong kinasusuklaman ng mga Hudyo) ang tanging tao na tumulong sa taong nangangailangan ng matinding tulong. Tanging sa pamamagitan lamang ng kapangyarihan ng Diyos (ang lakas na binigay sa’tin ni Jesus) natin tunay na maiibig ang kapwa natin ng walang kondisyon, katulad ng kung paano tayo minahal ng Diyos.

Hakbang 1: Panuorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Ano ang tinanong kay Jesus sa simula ng talinhaga?
3. Paano sinagot ni Jesus ang lalaki? Ano ang sinasabi nito sa atin kung gaano kahalaga ang Biblia?
4. Ano sa tingin mo ang nakita sa puso ng dalubhasa base sa pangalawang tanong niya kay Jesus?
5. Sinu-sino ang mga taong hindi tumulong sa lalaking nanakawan? Bakit sa tingin mong nabigo silang tulungan ang sugatang lalaki?
6. Paano ipinakita ng Samaritano na siya ay “naging tunay na kapwa”? Ano ang katumbas ng pag-ibig na ito sa Samaritano?
7. Maaari ka bang gumawa ng listahan ng mga taong nais mong pakitaan ng pagmamahal sa linggong ito? Paano magpapakita ng pagmamahal ang grupo mo sa ibang tao sa inyong komunidad?

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May mga ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

### Konklusyon – Limang puntos na dapat tandaan tungkol sa Pag-ibig

1. Mahal tayo ng Diyos nang walang kondisyon.
2. Tayo ay inutusan na ibigin ang kapwa natin.
3. Hindi natin kayang umibig sa sarili nating lakas.
4. Kaya nating umibig sa pamamagitan ng pag-ibig ng Diyos.
5. Tayo ay umiibig sa pamamagitan ng pananampalataya, katulad ng pagtanggap natin kay Jesus sa pamamagitan ng pananampalataya.

---

Pag-usad

### Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.
Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.
Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod ninyong pagtitipon.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.

# Bahagi 32: Pagpapagaling kay Bartimeo (Lucas 18:35-43)

Pagbabalik-tanaw

## Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

## Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

## Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

## Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

Pagtunghay

## Panimula

Ano kaya ang nararamdaman ng bulag? Maaaring may kakilala ka na bulag. Minsan ay nakadepende sila sa iba para sa mga bagay na binabalewala na ng mga taong nakakakita. Sa panahon ni Jesus, karaniwan ay mga pulubi ang mga bulag. Nakakatanggap sila ng napaka-kaunting tulong mula sa iba, at sa kultura nila, ang akala ng mga tao ay nabulag ang mga bulag dahil sila ay nagkasala. Panandalian mong isipin kung ano ang kahihinatnan ng buhay mo kung ikaw ay bulag. Paano magbabago ang iyong buhay?

Hakbang 1: Panuorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Ano ang ginawa ng taong bulag ng malaman niyang si Jesus ay naparaan? Ano ang itinawag niya kay Jesus ng siya ay sumigaw? Bakit sa tingin mo ay mahalaga ito?
3. Iniutos ni Jesus na palapitin ang bulag sa Kanya. Ano sa palagay mo ang ipinapakita nito tungkol sa puso ni Jesus?
4. Anong tanong ang sinabi ni Jesus sa bulag na lalaki? Paano siya tumugon?
5. Paano ipinakita ng bulag na lalaki ang kanyang pasasalamat at pagmamahal kay Jesus pagkatapos niyang gumaling?
6. Ano ang reaksyon ng mga tao? Ano sa palagay mo ang pinaniniwalaan ng mga tao tungkol kay Jesus?

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May mga ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

## Katanungan sa Pagsasabuhay

Kung nakatayo sa harapan mo ngayon si Jesus, ano ang hihilingin mo sa Kanyang gawin para sa iyo?

---

Pag-usad

## Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.

Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.

Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod ninyong pagtitipon.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.

# Bahagi 33: Si Jesus at Zaqueo (Lucas 19:1-10)

Pagbabalik-tanaw

## Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

## Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

## Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

## Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

Pagtunghay

## Panimula

Ang Kristiyanismo ang tanging relihiyon na kung saan hindi nakukuha ng tao ang kaligtasan sa pamamagitan ng sariling pagsisikap o mabubuting gawa. Ang ibang relihiyon ay nangangailangan ng iba't-ibang uri ng gawa na dapat gawin ng mga tao para makuha ang kaligtasan. Subalit ang Kristiyanismo ay may lugar para sa mga gawa. Ang mga gawa ay bahagi ng buhay ng Kristiyano pagkatapos maligtas; di bago ito. Ang mga mabubuting gawa na ginagawa ng mga Kristiyano ay resulta ng pagbabagong buhay nila.

Hakbang 1: Panuorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Ano sa palagay mo ang pinaniniwalaan ni Zaqueo tungkol kay Jesus? Bakit siya kaya umakyat sa puno para lang makita si Jesus?
3. Bakit kaya inanyayahan ni Jesus si Zaqueo na patuluyin Siya sa bahay niya?
4. Paano tumugon ang mga tao ng sinabi ni Jesus na pupunta Siya sa bahay ni Zaqueo? Sa tingin mo, bakit sila tumugon sa ganoong paraan?
5. Paano ipinakita ni Zaqueo na naniniwala siya kay Jesus? Anong mga pagbabago ang nakita niya sa kanyang buhay?
6. Ano ang sinabi ni Jesus na layunin Niya dito sa mundo? Anong mga salita ang ginamit niya para ilarawan ang Kanyang misyon?

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May mga ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

## Katanungan sa Pagsasabuhay

Sa anong mga paraan na ang pagtitiwala mo kay Jesus ay binago ang pananaw mo sa buhay? Maaari ka bang magbigay ng ilang mga halimbawa?

---

Pag-usad

## Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.

Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.

Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod ninyong pagtitipon.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.

# Bahagi 34: Pagpapahayag ni Jesus sa Kanyang Kamatayan at Muling Pagkabuhay (Lucas 18:31-34)

Pagbabalik-tanaw

### Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

### Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

### Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

### Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

Pagtunghay

### Panimula

Kapag may nakasulat na talambuhay (rekord tungkol sa kanilang buhay) ng mga sikat na tao, kadalasan ay kaunti lamang ang sinasabi tungkol sa kanilang kamatayan. Karamihan sa mga talambuhay ay nakatuon kung sino sila at anong ginawa nila para maging sikat. Si Jesus, gayunpaman, ay dumating para mamatay. Iyon ang misyon Niya. Kaya, hindi dapat tayo magulat na ang bawat Ebanghelyo (ang mga aklat nila Mateo, Marcos, Lucas at Juan) ay maraming sulat tungkol sa mga pangyayari sa kamatayan ni Jesus. Sa talata na ito, muling ipinahayag ni Jesus ang paparating Niyang kamatayan at pagkabuhay.

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May mga ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

Hakbang 1: Panuorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Sa katunayan, ito ang pangatlong beses na ipinahayag ni Jesus ang Kanyang kamatayan sa mga alagad. Bakit kaya paulit-ulit na sinasabi ni Jesus sa mga alagad kung ano ang mangyayari sa Kanya?
3. Ano ang sinasabi nito tungkol kay Jesus na alam Niya kung paano at kailan Siya mamamatay bago pa man ito mangyari?
4. Kung alam ni Jesus kung paano Siya mamamatay, at Siya ang Anak ng Diyos, bakit hindi Siya gumawa ng mga hakbang para iwasan ito?
5. Pagkatapos Niyang mamatay, at nang muling nabuhay si Jesus mula sa kamatayan, ano ang sinasabi nito tungkol sa Kanya?
6. Bakit kaya ang sinasabi ni Jesus tungkol sa paparating Niyang kamatayan at muling pagkabuhay ay hindi hayag sa mga alagad?

### Katanungan sa Pagsasabuhay

Alam ni Jesus na Siya ay maghihirap at mamamatay para tubusin tayo sa ating mga kasalanan. Kagustuhan Niyang gawin ito dahil sa pagmamahal Niya sa atin. Sa paanong paraan mo uunahin ang pangangailangan ng ibang tao kaysa sa sarili mong pangangailangan?
Sino sa tingin mo sa mga kaibigan o pamilya mo ang kailangan pang maunawaan ng mas malinaw kung sino si Jesus at kung ano ang ginawa Niya para sa kanila?

---

Pag-usad

### Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.
Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.
Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod ninyong pagtitipon.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.

# Bahagi 35: Ang Matagumpay na Pagpasok ni Jesus (Lucas 19:28-40)

Pagbabalik-tanaw

## Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

## Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

## Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

## Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

Pagtunghay

## Panimula

Ano ang mayroon sa isang hari? Mayroon siyang kapangyarihan, awtoridad, may mga taong naglilingkod sa kanya, at may kakayahang gawin anuman ang gusto niya. Ngunit pansinin kung paano naiiba si Jesus bilang isang hari! Inuuna Niya muna ang mga pangangailangan ng Kanyang nasasakupan at tinutugunan ang kanilang mga kaligayahan at pagpapala higit sa lahat ng bagay. Sa ngayon, si Jesus ay namamahala sa puso ng Kanyang mga tagasunod, at sa wakas, papamahalaan Niya ang isang kaharian na mananatili magpakailanman. Sa talata na ito, natupad ni Jesus ang propesiya mula sa Zacarias 9:9. Basahin ang bersikulo ng malakas sa grupo.

Hakbang 1: Panuorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Ano kaya ang ipinapakita nito sa atin tungkol kay Jesus na alam niya ang tiyak na kinaroroonan ng asno? Ano kaya ang maiisip mo kung ikaw ang may-ari ng asno?
3. Bakit nagpuri at nagalak ang mga alagad sa Diyos tungkol kay Jesus? Ano sa tingin mo ang pinaniniwalaan ng mga alagad tungkol kay Jesus?
4. Ano ang reaksyon ng mga Pariseo? Bakit ganoon ang reaksyon nila? Bakit hindi sila natuwa katulad ng mga tao?
5. Ano ang ibig sabihin ni Jesus nang sabihin Niya sa mga relihiyosong lider na kapag tumahimik ang mga tao, ang mga bato ay sisigaw ng papuri sa Kanya?
6. Sa kanilang kultura, ang pagkalat ng mga sanga ng palma at ng mga damit sa lupa sa harap ng isang tao ay malaking karangalan na para sa maharlika lamang. Ano ang ipinapahayag ng pagturing nila kay Jesus sa atin?

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May mga ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

## Katanungan sa Pagsasabuhay

Ano ang karaniwang reaksyon mo kapag naiisip mo si Jesus? Kinikilala mo ba Siya talaga bilang Panginoon at Hari? Mayroon bang mga bahagi ng buhay mo na hindi mo pa naisusuko ng buo kay Jesus? Kung mayroon, ano ang pumipigil sa iyo?

Pag-usad

## Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.

Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.

Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod ninyong pagtitipon.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.

# Bahagi 36: Tinangisan ni Jesus ang Jerusalem (Lucas 19:41-44)

Pagbabalik-tanaw

### Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

### Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

### Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

### Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

Pagtunghay

### Panimula

Maaaring napakahirap na makahanap ng kapayapaan sa mundong ito. Ang mga hinihingi ng mundong ito, ang mga paghihirap na kinakaharap natin sa mga relasyon sa iba at ang mga pagdurusa na nararanasan natin habang nabubuhay sa makasalanang mundo ay maaaring umagaw sa inaasam nating kapayapaan. Sa talata na ito, si Jesus ay nalungkot dahil sa katotohanang ang bansang Israel (na sinisimbulo dito na lungsod ng Jerusalem) ay hindi makakahanap ng kapayapaan dahil Siya tinanggap ng mga ito.

Hakbang 1: Panuorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Bakit sa tingin mong tumangis si Jesus ng makita ang Jerusalem? Ano ang ipinakita ng pagtangis Niya sa Kanyang puso para sa mga tao?
3. Sa bersikulo 42, ano ang sinabi ni Jesus na mararanasan ng Jerusalem kung naniwala sila sa Kanya? Bakit ito mahalaga?
4. Ang kawalan ng paniniwala ng Jerusalem ay nagdulot sa pagtigas ng mga puso nila sa mga bagay tungkol sa Diyos, kaya hindi nila makita si Jesus — ang Mesiyas — na nasa harap nila. Ano ang mga bagay na nagdudulot para maging matigas ang ating mga puso?
5. Ano sa tingin mo ang ibig sabihin ng pagkakaroon ng kapayapaan sa buhay? Ano ang ilang mga paraan na sinusubukan ng mga tao para mahanap ang kapayapaan sa buhay nila?
6. Ano ang sinabi ni Jesus na mangyayari sa Jerusalem? Bakit sinabi ni Jesus na magyayari ito sa Jerusalem?

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May mga ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

### Katanungan sa Pagsasabuhay

Nakaranas ka na ba ng pag-aalinlangan o kawalan ng paniniwala sa buhay mo? Maaari ka bang magbahagi ng halimbawa rito?
Ano ang ilang mga bagay na maaaring gawin ng mga Kristiyano na makatutulong sa paglago ng kanilang pananampalataya?
Maaari ka bang magbahagi ng ilang mga halimbawa sa sarili mong buhay?

---

Pag-usad

### Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.

Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.

Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod ninyong pagtitipon.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.

# Bahagi 37: Pinalayas ni Jesus ang mga Nagtitinda (Lucas 19:45-48)

Pagbabalik-tanaw

## Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

## Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

## Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

## Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

Pagtunghay

## Panimula

Sa Kasulatan, mas madalas na binanggit ni Jesus ang tungkol sa pera kaysa sa ibang mga usapin. Ito ay dahil alam ni Jesus na ang pera ay isang pangangailangan sa pang araw-araw nating buhay. Ngunit ito ay isa ring mahusay na indikador kung ano ang pinapahalagaan natin. Nakalulungkot lamang na ang relihiyon at pera ay may pangit na kasaysayan. Kahit na walang mali sa mga pera mismo, maraming relihiyon ang namamanantala sa mga pera ng mga tagasunod nila. Nakalulungkot din na maraming mga relihiyosong lider ang kadalasang nangongolekta ng pera mula sa mga tagasunod nila para magkaroon ng pamumuhay na marangya. Ipinakita ni Jesus sa istorya kung ano ang nararamdaman niya sa mga taong ginagamit ang relihiyon para kumita ng pera. Dito ay nagalit Siya na pinagsasamantalahan nila ang mga tao sa Templo, ang pinakatahanan ng Diyos.

Hakbang 1: Panuorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Ano ang ipinapakita nito tungkol kay Jesus ng magalit Siya sa mga taong naghahanap-buhay sa Templo?
3. Ano ang sinabi ni Jesus sa kanila tungkol sa Templo? Ano sa tingin mo ang ibig sabihin nito?
4. Bakit kaya tinutulan ni Jesus ang mga taong nagbebenta ng mga handog sa Templo?
5. Paano inilarawan ni Jesus ang mga taong nagbebenta ng mga handog sa Templo? Bakit kaya inilarawan sila sa ganoong paraan?
6. Bakit kaya gustong patayin ng mga relihiyosong lider si Jesus? Bakit sila nahihirapang gumawa ng paraan para gawin ito?

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May mga ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

## Katanungan sa Pagsasabuhay

Mayroon bang bahagi ng buhay mo na maaaring napagsasamantalahan mo ang ibang tao?
Kung meron, ano ang dapat mong gawin para mabago ang sitwasyon?
Ano ang mga bagay na maaari nating gawin para gawing pananalangin ang pinakaprayoridad sa relasyon natin kay Cristo?

---

Pag-usad

## Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.
Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.
Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod ninyong pagtitipon.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.

# Bahagi 38: Ang Handog ng Isang Biyuda (Lucas 21:1-4)

Pagbabalik-tanaw

## Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

## Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

## Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

## Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

Pagtunghay

## Panimula - Paano Mo Mararanasan ang Paglalakbay sa Pagbibigay

Mahal ng Diyos ang balo at mga ulila. Sa panahon ni Jesus, ang mga balo ay ang karaniwang pinaka mahirap sa mga tao. Sa istoryang ito, nakita natin ang balong ibinibigay ang lahat na mayroon siya bilang handog sa Panginoon! Nagpakita siya ng konseptong tinatawag nating pamamahala. Ito ang paniniwalang ang lahat ng pag aari natin ay mula sa Diyos at tayo ay mga "tagapamahala" lamang ng mga pag aari ng Diyos. Ang buhay mo ay maaaring magpakita ng pamamahala rin. Ang pagbibigay ayon sa pananampalataya ay sinadya ng Diyos na maging kapana-panabik na pribilehiyo. Kung pinaparangalan mo ang Diyos sa pamamagitan ng katapatan at pagsunod sa pamamahala Niya, ikaw ay pauulanan Niya ng kagalakan. Gagawin Niya ang pagbibigay mo na isang nakakasabik na karanasan sa pamumuhay mo bilang Kristiyano.

Hakbang 1: Panuorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Sa tingin mo, mas madali bang magbigay ng pera ang mga mayayamang tao kaysa sa mga mahihirap na tao?
3. Bakit ibinigay ng balo ang lahat ng mayroon siya? Ano ang sinasabi nito sa atin sa personal na pananampalataya niya sa Diyos?
4. Bakit kaya maraming panahon ang inubos ni Jesus para pag-usapan ang tungkol sa pera at sa mga mayayaman?
5. Magbahagi kung paano ka tinukso ni Satanas na magbigay ng kakaunti. Paano mo mapagtatagumpayan ang tukso na ito sa hinaharap?
6. Sa grupo ninyo, maglista ng mga paraan na maaaring maibahagi mo ang kasaganaan mo sa iba sa materyal man at hindi materyal na paraan.
7. Sa tingin mo, inaasahan ni Jesus na magbigay ang mga mahihirap sa simbahan?

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May mga ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

## Konklusyon

Lahat ng mayroon tayo ay ang Diyos ay nagbigay sa atin nito. Kaya ang lahat ng mayroon tayo ay pag-aari Niya. Ang layunin natin bilang mga "tapat na tagapamahala" ay ang pangasiwaan ang mga pagpapala na ito para makapagdala ng pinakamataas na kaluwalhatian sa pangalan Niya. Kung ibibigay natin ng malaya ang mga sarili natin, pati na rin ang mga pag-aari natin, ipinapahayag natin sa materyal na bagay ang espirituwal na pagdepende natin kay Cristo. Alam ng Diyos ang mga pangangailangan natin at nais Niya na magtiwala tayo sa Kanya na magpapala sa atin. Sumulat si apostol Pablo sa mga mananampalataya sa Filipos: "At buhat sa hindi mauubos na kayamanan ng Diyos, ibibigay niya ang lahat ng inyong kailangan sa pamamagitan ni Cristo Jesus" (Filipos 4:19). Sa pamamagitan ng pananampalataya, ipagkakaloob ng Diyos ang lahat ng pangangailangan natin habang nagtitiwala tayo sa Kanya at habang nagbibigay tayo ng bukas-palad.

Pag-usad

## Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.
Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.
Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod ninyong pagtitipon.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.

# Bahagi 39: Tinanong ni Anas ang Awtoridad ni Jesus (Lucas 20:1-8)

Pagbabalik-tanaw

## Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

## Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

## Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

## Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

Pagtunghay

## Panimula

Sa mundo natin ngayon, maaaring magsalita ang mga tao ng bagay kahit hindi nila alam kung totoo ba ito o pinaniniwalaan nga na totoo ito. Ginagawa ng relihiyon ang parehong paraan sa pamamagitan ng pagtuturo ng mga bagay na hindi mapapatunayan. Kung naniniwala ka, kunyari, na ang baka ay sagrado, paano mo nalaman na totoo ito? Saan nagmula ang paniniwalang ito? Kung galing ito mula sa libro, paano mo malalaman na ang libro ay mapagkakatiwalaan? Si Jesus ay naiiba sa mga relihiyosong lider dahil ang mga salita Niya ay pinatunayang totoo ng Kanyang karakter, ng Kanyang turo, ng Kanyang himala, at ng Kanyang pagkabuhay mula sa kamatayan.

Hakbang 1: Panuorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Paano mo ilalarawan ang ugali ng mga relihiyosong lider nang tinanong nila si Jesus? Ano ang sinasabi nito sa atin tungkol sa kanilang mga puso?
3. Ano ang tanong nila kay Jesus? Bakit kaya nila tinanong ang ganoon?
4. Sinagot ni Jesus ang mga relihiyosong lider sa pamamagitan ng tanong. Ano ang tanong Niya sa kanila? Bakit sa tingin mong pinili Niyang sagutin sila sa paraang iyon?
5. Bakit hindi naniwala ang mga relihiyosong lider na si Juan na Tagapagbautismo ay ipinadala ng Diyos? Ano sa tingin mo ang ipinapakita nito tungkol sa kanilang mga puso?
6. Sa palagay mo, saan galling ang awtoridad ni Jesus na gumawa ng milagro at magturo? Ano ang sinasabi nito tungkol sa Kanya?

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May mga ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

## Katanungan sa Pagsasabuhay

Maaari ka bang mag isip ng mga bahagi sa iyong buhay na hindi mo pa tuluyang naisusuko kay Jesus? Kung mayroon, ano ang makakahikayat sa iyo na isuko ang mga ito?

---

Pag-usad

## Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.

Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.

Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod ninyong pagtitipon.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.

# Bahagi 40: Ang Talinghaga ng Ubasan at sa mga Magsasaka (Lucas 20:9-19)

Pagbabalik-tanaw

## Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

## Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

## Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

## Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

Pagtunghay

## Panimula

Bilang isang bansa, ang Israel ang pinili ng Diyos. Nang dumating si Jesus bilang Mesiyas, nakinig sila sa Kanyang mga turo, Nakita nila ang Kanyang karakter, at pinanood Siyang gumawa ng mga himala. Siya ay pinuri nila bilang kanilang Hari nang sumukay Siya sa asno papasok sa Jerusalem, ngunit sa ilang araw lamang, pinangunahan ng mga relihiyosong lider ang mga tao na itakwil Siya. Sa kaalamang mangyayari ito, sa bahagi na ito, ibinahagi ni Jesus ang istorya sa mga tao tungkol sa may-ari at magsasaka ng ubasan (hardin kung saan nagtatanim ng mga ubas). Sa pamamagitan ng istoryang ito, nagbabala si Jesus sa kahihinatnan ng pagtanggi sa Kanya.

Hakbang 1: Panuorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Ano sa palagay mo ang kahulugan ng talinhagang ito? Sino ang tinutukoy ni Jesus?
3. Ano ang sinabi ni Jesus na mangyayari sa mga taong pumatay sa anak ng may-ari?
4. Madalas banggitin ni Jesus ang mga talata mula sa Lumang Tipan na tumutukoy sa Mesiyas. Bakit kaya ginagawa Niya ang mga ito? Ano ang sinasabi nito sa atin tungkol kay Jesus?
5. Ano sa tingin mo ang tinutukoy ni Jesus nang sabihin Niyang ang batong itinakwil ang siyang naging batong-panulukan?
6. Basahin ang Lucas 20:19. Ano ang reaksyon ng mga Hudyong lider? Ano ang pumigil sa kanila na gawin ang bagay na gusto nilang gawin?

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May mga ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

## Katanungan sa Pagsasabuhay

Naranasan ni Jesus ang pagtatakwil ng mga Hudyong lider. Paano mo hinaharap ang pakiramdam na maitakwil?
Paano ka maaaring matulungan ni Jesus kapag naramdaman mong itinakwil ka?

---

Pag-usad

## Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.

Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.

Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod ninyong pagtitipon.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.

# Bahagi 41: Pagbabayad ng Buwis kay Caesar (Lucas 20:20-26)

Pagbabalik-tanaw

### Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

### Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

### Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

### Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

Pagtunghay

### Panimula

Noong panahon ng pagmiministeryo ni Jesus, ang bansang Israel ay pinamumunuan ng mga Romano. Mayroon silang emperador na responsable sa pananatili ng kaayusan at pagkolekta ng mga buwis ngunit hinayaan nila ang Hudyo na magkaroon ng sarili nilang hari para tumulong na mamahala sa kanilang bansa (si Haring Herodes ay ganitong hari). Ayaw ng mga Hudyo na magbayad ng buwis sa mga Romano dahil ang mga Romano ay hindi mga Hudyo (sila ay mga "Hentil", ibig sabihin, "hindi mga Hudyo"), at dahil ginagamit ng mga Romano ang mga buwis na binabayaran nila para mapanatiling nasasakop ang mga Hudyo.

Hakbang 1: Panuorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Anong mga bagong paraan ang ginamit ng mga Hudyong tagapagturo rito para subukan at bitagin si Jesus? Ano ang ipinapakita nito sa kagustuhan nilang patayin si Jesus?
3. Ano ang tawag natin sa taong nagpapanggap? Sa tingin mo, karaniwan ba ito sa mga tao sa lahat ng dako? Kung oo, bakit?
4. Alam ni Jesus na ang mga relihiyosong lider ay sinusubukang Siyang bitagin. Ano ang sinasabi nito tungkol sa Kanya na hindi Siya natatakot sa kanila?
5. Paano sinagot ni Jesus ang mga tanong nila? Ano sa palagay mo ang ibig Niyang sabihin sa tanong na ibinalik Niya sa kanila?
6. Bakit sa palagay mo ay hindi mabitag ng mga relihiyosong lider si Jesus sa kanilang mga katanungan?

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May mga ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

### Katanungan sa Pagsasabuhay

Mayroong bang mga bahagi ng iyong buhay na nagpapanggap kang ganoon ka kahit hindi naman? Kung mayroon, ipagtapat mo ang mga iyon sa Diyos ngayon. Gusto Niya na maging ganap na tapat tayo sa mga sarili natin.

Pag-usad

### Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.

Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.

Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod ninyong pagtitipon.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.

# Bahagi 42: Ang Banal na Hapunan (Lucas 22:14-23)

Pagbaba-
lik-tanaw

## Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

## Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

## Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

## Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

Pagtunghay

## Panimula

Ang Paskwa ay ang pista ng mga Hudyo na itinatag ng Diyos sa Lumang Tipan. Ito ay espesyal na banal na kaganapan para sa mga Hudyo na ginugunita ang panahon na iniligtas sila ng Diyos mula sa paghihirap sa pisikal na kamatayan at pinalaya sila mula sa pagkakaalipin mula sa Ehipto. Ang Banal na Hapunan ang nagdala ng katuparan sa paggunita ng Lumang Tipan sa Pista ng Paskwa. Sa Banal na Hapunan kasama ang Kanyang mga alagad, binigyan ng bagong kahulugan ang dalawang simbolo na nauugnay sa Paskwa. Ang tinapay at ang kopa ay nakakatulong upang maalala natin ang Kanyang sakripisyo, na nagligtas sa atin sa espirituwal na kamatayan at nagpalaya sa atin mula sa espirituwal na pagkagapos.

Hakbang 1: Panuorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Bakit kaya nais kasama ni Jesus ang Kanyang 12 na mga alagad sa huling hapunan na ito?
3. Dalawang beses binanggit ang “kaharian ng Diyos” sa istorya na ito. Ano sa palagay mo ang tinutukoy Niya?
4. Ano ang sinisimbulo ng tinapay? Ano ang sinisimbulo ng kopa? Anong kaganapan ang pareho nilang tinutukoy?
5. Ano ang sinabi ni Jesus sa mga alagad na dapat gawin sa hinaharap kung sila ay kakain ng tinapay at ng kopa?
6. Ano ang sinabi ni Jesus na gagawin ng isa sa mga alagad sa Kanya? Gaano kahirap sa tingin mo para kay Jesus na pagusapan ang tungkol dito?

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May mga ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

## Katanungan sa Pagsasabuhay

Gaano ka kadalas nagbibigay ng oras para personal na pagnilayan at gunitain ang kamatayan ni Cristo?
Naranasan mo na ba ang ipagkanulo ng ibang tao? Ano ang naramdaman mo?
Sa tingin mo ba ay naramdaman din ito ni Jesus?

Pag-usad

## Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.

Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.

Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod ninyong pagtitipon.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.

# Bahagi 43: Pagtuturo sa Itaas na Silid (Lucas 22:26-38)

Pagbaba-lik-tanaw

## Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

## Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

## Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

## Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

Pagtunghay

## Panimula

Ang natural na ugali ng lahat ay ang mauna; walang tao ang nais mahuli. Si Jesus, gayunpaman, ay binaligtad ang ganitong uri ng kaisipan. Sinabi ni Jesus na kung nais mong mauna, dapat mong unahin ang ibang tao. Maraming tao ang nais maging tagapamuno, ngunit kaunti lang ang nais maglingkod sa mga tao. Muli itong binaligtad ni Jesus at sinabing kung nais mong maging tagapamuno, dapat mong matutunang maglingkod sa iba. Ipinakita ni Jesus ang mga bagay na ito. Patuloy Niyang inuna ang iba at Siya ay naging tunay na lingkod sa pamamagitan ng pagbibigay ng Kanyang buhay sa atin para sa tayo ay maligtas.

Hakbang 1: Panuorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Paano nagsilbing halimbawa ang buhay ni Jesus bilang isang tao na naging pinunong tagapaglingkod? Ano ang ilang mga halimbawa mula sa buhay Niya?
3. Sa palagay mo, isa bang kontradiksyon ang maging pinunong tagapaglingkod? Ano kaya ang mangyayari kung ikaw ay maging pinunong tagapaglingkod?
4. Bakit sa tingin mong sinabi ni Jesus kay Pedro na aatakihin siya ni Satanas?
5. Paano tumugon si Pedro sa babala ni Jesus? Na siya ay handang makulong o mamatay para kay Jesus. Sa tingin mo ba ay sinadya ni Pedro na sabihin ang tugon na ito kay Jesus?
6. Sa anong mga paraan sinubukan ni Jesus na ihanda ang Kanyang mga alagad para sa mga misyon nila pagkatapos ng muling pagkabuhay Niya?

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May mga ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

## Katanungan sa Pagsasabuhay

Ano ang mga ilang partikular na paraan na maaari mong mapaglingkuran ang iba habang sumusunod ka sa halimbawa ni Jesus?

---

Pag-usad

## Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.

Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.

Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod ninyong pagtitipon.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.

# Bahagi 44: Si Jesus ay Pinagtaksilan at Inaresto (Lucas 22:47-53)

Pagbaba-
lik-tanaw

## Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

## Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

## Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

## Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

Pagtunghay

## Panimula

Ang buong buhay ni Jesus ay tungkol sa Kanyang kamatayan. Para sa iba, ang kanilang "buhay" ay binubuo ng lahat ng kanilang nagawa hanggang sa kamatayan nila. Kamatayan ang huling pangyayari na dumarating sa lahat ng tao at karaniwan ay tinitingnan ito na may kalungkutan dahil ang mga taong mahal natin sa buhay ay nawala sa atin. Ngunit para kay Jesus, ang Kanyang kamatayan ang pinakamahalagang pangyayari sa Kanyang buhay. Ang kamatayan ni Jesus ang naging dahilan para maging posible na maging kalugod-lugod ang mga tao sa Diyos sa pamamagitan ng paniniwala sa Kanya.

Hakbang 1: Panuorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Ano sa palagay mo ang dahilan kung bakit ipinagkakanulo ng iba ang mga kakilala nila?
3. Ano ang sinabi ni Jesus kay Judas? Ano sa tingin mo ang ipinapahiwatig ng mga salita Niya tungkol sa relasyon Niya kay Judas?
4. Ano ang reaksyon ng mga alagad ng makita nila si Jesus na aarestuhin na?
5. Ano ang mga salitang ginamit ni Jesus para ipakita na Siya ay handa na para dakipin nila?
6. Bakit kaya ang mga punong pari ay dumating ng gabi para dakipin si Jesus? Bakit sa palagay mong ginamit ni Jesus ang salitang "kapangyarihan ng kadiliman" rito?

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May mga ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

## Katanungan sa Pagsasabuhay

Ipinagkanulo ni Judas si Jesus para sa pera. Mayroon bang halaga ng pera na magiging dahilan para ipagkanulo mo ang kaibigan mo?
Mayroon bang mga bagay sa buhay mo na natuktukso kang ituring na mas mahalaga kaysa kay Jesus?

---

Pag-usad

## Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.

Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.

Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod ninyong pagtitipon.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.

# Bahagi 45: Itinakwil ni Pedro si Jesus (Lucas 22:54-62)

Pagbabalik-tanaw

## Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

## Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

## Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

## Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

Pagtunghay

## Panimula

Mayroon ka bang ginawa na pinagsisisihan mo? Ano ang naramdaman mo? Ikaw ba ay nahiya, nagkasala, o napuno ng pagsisisi? Nangako ka ba sa isang tao na hindi mo natupad? Ano ang naramdaman mo? Sa parehong sitwasyon na ito, ano kaya ang iniisip ng taong ito tungkol sa iyo? Ipinakita ng istoryang ito ang parehong mga bagay sa buhay ni Pedro: ang kanyang pagtakwil at kanyang pagkabigo na tuparin ang kanyang pangako.

Hakbang 1: Panuorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Bakit kaya ikinaila ni Pedro si Jesus?
3. Ano sa tingin mo ang maituturo ng kanyang pagkanulo tungkol sa ating mga sarili... sa ating puso, emosyon, at ating kalooban?
4. Nagpahayag si Jesus na ipagkakanulo Siya ni Pedro ng tatlong beses. Ano ang sinasabi nito sa atin tungkol kay Jesus?
5. Ano ang itinuturo nito sa atin tungkol kay Jesus nang hindi niya ikinaila si Pedro sa kabila ng pagkanulo niya? Ano ang ipinakita nito sa atin nang si Pedro ay naging mahalagang lider sa mga unang simbahan?
6. Isipin ang Bahagi 24 na aralin tungkol sa “Espirituwal na Pamumuhay.” Paano natin maisasabuhay ito sa sitwasyon ni Pedro sa aralin na ito?

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May mga ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

## Katanungan sa Pagsasabuhay

Isipin ang isang masamang bagay na nagawa mo. Sa palagay mo ba ay patatawarin ka ni Jesus sa nagawa mo? Kung oo, bakit? Kung hindi, bakit hindi?

---

Pag-usad

## Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.

Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.

Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod ninyong pagtitipon.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.

# Bahagi 46: Kinutya at Inusig si Jesus (Lucas 22:63-71)

Pagbaba-lik-tanaw

## Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

## Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

## Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

## Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

Pagtunghay

## Panimula

Ang parte na ito ng Lucas ay nagsimula sa panahon na ipinahiya si Jesus sa kamay ng mga Romano at mga Hudyong pinuno. Kahit na kaya Niyang tumawag ng maraming anghel para sagipin at protektuhan Siya, pinasakop ni Jesus ang Kanyang sarili sa ganitong pagtrato dahil parte ito ng plano ng Diyos para tubusin ang sanlibutan.

Hakbang 1: Panuorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Bakit sa palagay mo ay walang ginawa si Jesus para pigilan ang malupit na pagtrato sa Kanya?
3. Paano tinrato ng mga bantay si Jesus? Bakit kaya tinatrato Siya ng ganoon?
4. Sa palagay mo ba ay gusto talagang malaman ng mga Hudyong pinuno kung si Jesus talaga ang Mesiyas? Bakit nila ito tinanong sa Kanya?
5. Maraming mga tawag ang ginamit sa talata na ito para ilarawan si Jesus. Ano sa tingin mo ang sinasabi ng mga ito tungkol sa Kanya?
6. Sa dulo ng bahaging ito, tinanong ng mga Hudyong pinuno si Jesus ng isang huling tanong. Paano sila sinagot ni Jesus? Ano sa tingin mo ang sinasabi nito tungkol sa Kanya?

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May mga ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

## Katanungan sa Pagsasabuhay

Isipin ang panahon sa buhay mo na nakaranas ka ng paghihirap. Ano ang reaksyon mo? Paano mo karaniwang hinaharap ang paghihirap?
Maaari ka bang magbigay ng halimbawa kung paano nagdala ang Diyos ng mabuting bagay mula sa paghihirap na naranasan mo?

---

Pag-usad

## Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.

Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.

Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod ninyong pagtitipon.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.

## Bahagi 47: Si Jesus ay Dinala kay Pilato (Lucas 23:1-5)

Pagbaba-lik-tanaw

### Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

### Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

### Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

### Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

Pagtunghay

### Panimula

Ang Kristiyanismo ay hindi tungkol sa politika. Subalit, maraming mga Kristiyano sa buong mundo ang naniniwala na ang ibang politikal na partido ay mas karapat-dapat na suportahan ng mga Kristiyano kaysa sa iba. Ang mga tao sa loob ng ilang siglo ay sinubukang gamitin si Jesus para suportahan ang kanilang mga posisyon sa iba't-ibang mga bagay na pampulitika. Ngunit si Jesus ay hindi pumunta para sa politikal na kaganapan. Sa halip, dumating Siya para hanapin at iligtas ang mga naliligaw (Tingnan ang Lucas 19:10).

Hakbang 1: Panuorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Bakit kailangang dalhin ng mga relihiyosong pinuno si Jesus kay Pilato? Ano ang inakusa nila na ginawa ni Jesus?
3. Sinabi ba ni Jesus na Siya ay hari sa politika? Bakit sa tingin mong ang mga relihiyosong pinuno ay inakusahan si Jesus ng ganito sa harap ni Pilato?
4. Paano tumugon si Jesus ng tinanong kung Siya ba ay Anak ng Diyos? Bakit sa tingin mong ganito ang reaksyon Niya? Sa gitna ng bahagi na ito, ano ang pasya ni Pilato tungkol kay Jesus? Paano tumugon ang mga Hudyong lider?
5. Bakit sa tingin mong nagpasya si Pilato na ipadala si Jesus kay Herod? Ano ang ang ipinapakita nito tungkol sa karakter ni Pilato?

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May mga ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

### Katanungan sa Pagsasabuhay

Nais ni Jesus na mamuno sa ating mga buhay. Kung tapat ka, gaano mo lubos na hinahayaan Siyang pumasok sa iyong buhay? Paano natin mahihikayat ang bawat isa na isuko pa ang buhay natin kay Cristo?

---

Pag-usad

### Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.

Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.

Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod ninyong pagtitipon.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.

# Bahagi 48: Si Jesus ay Dinala kay Herodes (Lucas 23:6-12)

Pagbaba-lik-tanaw

## Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

## Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

## Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

## Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

Pagtunghay

## Panimula

Si Herodes ay nasa Jerusalem dahil panahon iyon ng selebrasyon ng Paskwa. Siya ang hari ng Galileo, bahagi ng hilagang Israel kung saan nakapaloob ang lungsod ng Nazaret, ang lungsod kung saan lumaki si Jesus. Si Herodes ay namuno lamang sa pahintulot ng mga Romano. Pagkatapos ng kamatayan at pagkabuhay ni Jesus, si Herodes ang magiging importanteng mang-uusig ng mga Kristiyano at kalaunang papatay kay Apostol Santiago. Hanggang sa ipadala ni Pilato si Jesus sa kanya, hindi pa nakikita ni Herodes si Jesus, bagama't tila naririnig na niya ang tungkol sa Kanya. Si Herodes ay mayabang na tao na sa huli ay pinatay ng Diyos habang tinatanggap niya ang papuri ng mga tao (Tingnan ang Gawa 12:21-23).

Hakbang 1: Panuorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Bakit gustong makita ni Herodes si Jesus? Ano ang gustong ipagawa ni Herodes kay Hesus para sa kanya?
3. Bakit sa tingin mong interesado ang ilang tao na makita si Jesus na gumawa ng malamilagrong bagay? Ano ang ipinapakita nito tungkol sa kanilang mga puso?
4. Bakit sa tingin mong hindi sumagot si Jesus kay Herodes?
5. Ano ang ginawa ni Herodes nang hindi siya sinagot ni Jesus?
6. Bakit sa tingin mo'y ipinadala ni Herodes si Jesus pabalik kay Pilato?

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May mga ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

## Katanungan sa Pagsasabuhay

Bakit ka sumusunod kay Jesus? Ito ba ay talagang dahil Siya ay Diyos at karapat dapat sa lahat ng kaluwalhatian at karangalan? O dahil sa gusto mong may gawin Siya para sa iyo?
Napansin mo na ba ang sarili mong nagnanais ng pagsang-ayon ng iba kaysa sa naisin na kalugdan ng Diyos? Maaari ka bang magbigay ng mga halimbawa?

---

Pag-usad

## Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.

Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.

Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod ninyong pagtitipon.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.

# Bahagi 49: Si Jesus ay Hinatulan (Lucas 23:13-25)

Pagbaba-
lik-tanaw

### Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

### Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

### Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

### Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

Pagtunghay

### Panimula

Minsan ay nakakaranas tayo ng kabigatan mula sa mga tao sa paligid natin na umasta sa ibang paraan. Ang kabigatan na ito ay maaaring makaapekto sa kagustuhan natin gawin ang paniniwala nating tama, dahil sa takot sa sasabihin ng ibang tao. Ang ganitong takot ang nag-uudyok sa atin na gumawa ng bagay na hindi naman natin gagawin o maging dahilan para hindi natin gawin ang dapat nating gawin. Si Pilato ay tila kumilos dahil sa takot sa paraan ng pagtrato niya kay Jesus. Sinabi ng Lucas 23:20 na gustong palayain ni Pilato si Jesus, ngunit nagpadala siya sa kagustuhan ng madla dahil kahilingan ito ng marami.

Hakbang 1: Panuorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Ano ang hatol ni Pilato at Herodes sa pagkakasala ni Jesus? Saan nila ibinase ang kanilang hatol sa iyong palagay?
3. Bakit hindi naniwala si Pilato o Herodes sa akusasyon ng mga Hudyong pinuno kay Jesus? Ano sa tingin mo ang sinasabi nito sa atin tungkol sa mga Hudyong lider?
4. Bakit inihandog ni Pilato ang kalayaan ni Barabas sa mga Hudyong pinuno at sa mga tao?
5. Gustong palayain ni Pilato si Jesus, ngunit hindi niya ginawa. Ano ang nagkumbinsi sa kanya na pagbigyan ang kahilingan ng mga tao na ipako si Jesus? Ano ang mga emosyon na naramdaman ni Pilato sa palagay mo?
6. Bakit walang ginawa si Jesus para pigilan si Pilato o ang mga Hudyong lider? (Tingnan ang Mateo 26:52-54)

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May mga ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

### Katanungan sa Pagsasabuhay

Sa palagay mo, paano ka kaya maaapektuhan ng takot? Maaari ka bang mag-isip ng halimbawa para ibahagi?
Paano mo karaniwang hinaharap ang iyong mga takot? Ano sa tingin mo ang nais ng Diyos na gawin mo sa mga takot mo?

---

Pag-usad

### Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.

Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.

Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod ninyong pagtitipon.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.

# Bahagi 50: Binuhat ni Jesus ang Kanyang Krus (Lucas 23:26-31)

Pagbaba-lik-tanaw

## Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

## Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

## Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

## Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

Pagtunghay

## Panimula

Sa bahagi na ito, binuhat ni Jesus ang mismong krus kung saan Siya mamatay. Si Lucas, ang taong sumulat ng banal na aklat na ito, ay tiyak na gustong bigyang diin ang pagkakaiba ng paglakad ni Jesus sa daang puno ng mga tao papunta sa Kanyang kamatayan sa Kanyang “matagumpay na pagpasok” sa Jerusalem ilang araw pa lamang ang nakakalipas.

Hakbang 1: Panuorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Bakit sa tingin mo ay hindi kinayang buhatin ni Jesus ang Kanyang krus sa buong paglalakad Niya? Ano ang maaari nitong sinasabi sa pagtrato sa Kanya ng mga Romano?
3. Si Simon na taga-Cirene ay ang lalaking napilitang pasanin ang krus ni Jesus nang hindi Niya ito mabuhat. Ano sa tingin mo ang naranasan ni Simon habang pinapasan ang krus ni Jesus?
4. Ano ang reaksyon ng mga kababaihang nanonood kay Jesus? Ano sa tingin mo ang mga emosyong naranasan nila?
5. Bakit sa tingin mo ay sinabi ni Jesus sa mga kababaihan na huwag umiyak para sa Kanya ngunit para sa mga sarili nila?
6. Sa paanong paraan mo nakita ang pagmamahal ni Cristo sa istorya na ito?

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May mga ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

## Katanungan sa Pagsasabuhay

Ano ang opinyon mo – Mas madali ba para sa iyo ang harapin ang pisikal na paghihirap o matinding emosyonal na paghihirap? Mangyaring ipaliwanag.
Sa isa pang talata sa Biblia, ang Simon na ito na taga-Cirene ay kinilala bilang “ama ni Alejandro at Rufo”, na tila nagpapahiwatig na kilala sila ng lumang iglesya. Karamihan sa mga teologo ay nagsasabi na ipinapahiwatig nito na sila ay naging Kristiyano. Paano nakaimpluwensya ang dedikasyon mong sundin si Jesus sa pamilya mo?

---

Pag-usad

## Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.

Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.

Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod ninyong pagtitipon.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.

# Bahagi 51-54: Si Jesus ay Napako sa Krus (Lucas 23:32-43)

Pagbabalik-tanaw

### Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

### Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

### Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

### Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

Pagtunghay

*Ang aralin na ito ay ginagamit ang mga bahagi ng *JESUS* film tulad ng Si Jesus ay Napako sa Krus, Nagsugal ang mga Sundalo para sa Damit ni Jesus, Ang Senyales sa Krus, at ang mga Kriminal na Ipinako*

### Panimula

Ang pagpapatawad ay mahirap. Kapag tayo ay nasaktan ng iba, maaari nating maranasan ang sakit, pagkawala, galit, at sa minsan, kabigatan ng loob. Ang natural na reaksyon kapag ikaw ay nasaktan ay ang kagustuhan mong maghiganti. Subalit habang nasa krus, pinatawad ni Jesus ang mga nagpako sa Kanya roon. Sa buhay natin, ang pagpapatawad sa mga nagkasala sa atin ay nagpapalaya sa atin. Ang pagpapatawad ay nakatutulong para bawiin natin ang kakayahang ibinigay natin sa iba na maapektuhan tayo ng masama at maging mapayapa muli sa Diyos. Mangyaring sundin natin ang halimbawa ni Jesus!

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May mga ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

Hakbang 1: Panuorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Ang unang mga salita ni Jesus sa krus ay tungkol sa pagpapatawad. Sino sa tingin mo ang tinutukoy ni Jesus? Ano ang ipinapakita nito tungkol sa pagmamahal ni Cristo?
3. Nang sinabi ng mga tao, “niligtas Niya ang iba; iligtas Niya ngayon ang kanyang sarili,” ano sa tingin mo ang ibig nilang sabihin? Sa tingin mo ba ay maniniwala ang mga tao kay Jesus kung bumaba Siya mula sa krus? Bakit o bakit hindi?
4. Ano sa tingin mo ang ibig sabihin ng kriminal ng hilingin niya kay Jesus na alalahanin siya kapag Siya ay naging Hari?
5. Paanong ang karanasan ng kriminal na nagpakita ng pananampalataya kay Jesus ay naging halimbawa ng kung paano ang lahat ng tao ay lumapit kay Jesus?
6. Ang lahat ng nanonood ay naunawaan ang ipinahayag ni Jesus na Siya ang Mesiyas. Ano sa tingin mo ang iniisip nila ng makita Siya sa krus?

### Katanungan sa Pagsasabuhay

Mahirap ba para sa iyo ang magpatawad ng tao? Anong uri ng mga kasalanan ang mahirap patawarin para sa iyo? Paano makakatulong sa iyo ang halimbawa ni Jesus sa pagpapatawad?

---

Pag-usad

### Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.
Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.
Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod ninyong pagtitipon.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.

# Bahagi 55: Kamatayan ni Jesus (Lucas 23:44-49)

Pagbaba-
lik-tanaw

## Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

## Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

## Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

## Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

Pagtunghay

## Panimula

Sa Lumang Tipan, ang bansa ng Israel ay lumalapit sa Diyos sa pamamagitan ng Templo. Sa Templo nila dinadala ang kanilang mga sakripisyo at pagsamba sa Diyos ng sama-sama. Isang beses sa isang taon, ang “Punong Pari” (ang pari ng lahat ng pari) ay nagdadala ng espesyal na sakripisyo sa loob na silid ng Templo na tinatawag na “Banal sa mga Banal”. Ang sakripisyong ito ay para “bayaran” (takpan) ang kasalanan ng mga tao. Ang Banal sa mga Banal ay hinihiwalay mula sa buong Templo sa pamamagitan ng malaking kurtina. Sa bahagi ngayong araw, nakita natin na napunit ang kurtinang ito ng mamatay si Jesus. Ipinapakita nito na ang daan papunta sa Diyos ay sa pamamagitan na lamang ng kamatayan ni Jesus, hindi sa pamamagitan ng sakripisyo na dinadala ng pari.

Hakbang 1: Panuorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Binalot ng kadiliman ang kalupaan sa loob ng tatlong oras bago mamatay si Jesus. Ano sa tingin mo ang inirerepresenta ng kadilimang ito?
3. Ano sa tingin mo ang ipinapahiwatig ni Jesus ng sabihin Niyang, “Ama, sa mga kamay mo'y ipinagkakatiwala ko ang aking espiritu”?
4. Ano ang reaksyon ng mga taong nanonood kay Jesus?
5. Ano ang reaksyon ng kapitan ng mga kawal na nanonood na mamatay si Jesus? Sa tingin mo ba ay naniniwala siya kay Jesus?
6. Bakit kinilala ng kapitan na si Jesus ay isang “matuwid na tao” habang ang mga Hudyong pinuno ay hindi siya kinilala? Ano sa tingin mo ang matututunan natin dito?

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May mga ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

## Katanungan sa Pagsasabuhay

Nagpakita si Jesus ng malaking tiwala sa Diyos sa pagkamatay Niya sa krus. Paano maaaring maging halimbawa ang pagtitiwala Niya sa Diyos sa atin?

---

Pag-usad

## Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.

Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.

Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod ninyong pagtitipon.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.

# Bahagi 56: Paglilibing kay Jesus (Lucas 23:50-56)

Pagbaba-
lik-tanaw

## Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

## Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

## Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

## Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

Pagtunghay

## Panimula

Pagkatapos mamatay ni Jesus, may isang lalaki nagngangalang Jose ang pumunta kay Pilato para hingin ang katawan ni Jesus. Siya ay miyembro ng parehong konseho ng mga Hudyo na kinondena si Jesus, ngunit hindi siya sumangayon sa desiyon nila. Ang katumbas na talata sa Juan ay nagbigay ng kagiliw-giliw na komento na si Jose ay isang "sikretong" alagad, dahil takot siya sa mga Hudyong pinuno (Tingnan ang Juan 19:38). Gayunpaman, pagkatapos ng pagkamatay ni Jesus, nagpakita siya ng katapangan sa pamamagitan ng pagpunta kay Pilato para hingin ang pahintulot na ilibing si Jesus.

Hakbang 1: Panuorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Paano inilarawan si Jose sa istoryang ito? Bakit sa tingin mong hindi siya sumang-ayon sa pagkondena ng mga Hudyong konseho kay Jesus?
3. Ano sa tingin mo ang naramdaman ni Jose ng makita niyang ipinako si Jesus?
4. Saan dinala ni Jose ang katawan ni Jesus? Ano ang ginawa niya upang ihanda ang katawan ni Jesus para ilibing?
5. Sino ang nandoon ng inilibing si Jesus? Bakit sa tingin mong ito ay mahalaga?
6. Ano ang mararamdaman mo kung kasama mo ang mga kababaihang ito na sumusunod kay Jesus?

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May mga ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

## Katanungan sa Pagsasabuhay

Paano maaaring kumilos ang isang tao na "sikretong alagad" ni Jesus?
Natukso ka na bang umasta na parang "sikretong alagad" ni Jesus?
Maaari ka bang magbigay ng halimbawa?

---

Pag-usad

## Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.

Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.

Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod ninyong pagtitipon.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.

# Bahagi 57: Mga Anghel sa Libingan (Lucas 23:56-24:7)

Pagbaba-lik-tanaw

## Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

## Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

## Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

## Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

Pagtunghay

## Panimula

Ang mga kababaihang nagpunta sa libingan nang madaling araw ng Linggo ay kailangang maghintay buong araw ng Sabado bago nila madala ang mga pabango para ipahid sa katawan ni Jesus. Ito ay dahil sila ay pinagbawalan na gumawa ng kahit anong trabaho sa “Sabbath” (Sabado —ang araw kung kailan nagsasamba ang mga Hudyo). Ano kaya ang iniisip nila noong buong araw na kailangan nilang maghintay? Nawala ba ang pag-asa nila? Sinubukan ba nilang hikayatin ang bawat isa? Sinubukan ba nilang alamin kung ano ang nangyari kay Jesus, na inaakala nilang Mesiyas? Ano kayang iniisip nila habang naglalakad papuntang libingan noong madaling araw ng Linggo?

Hakbang 1: Panuorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Ano sa tingin mo ang inaasahan ng mga kababaihan na gagawin nila sa umaga ng Linggo?
3. Ano ang nadiskubre nila ng dumating sila sa libingan? Ano ang natagpuan nila sa loob? Ano sa tingin mo ang naging reaksyon mo kung naroon ka?
4. Habang nagtataka ang mga kababaihan, dumating ang dalawang anghel. Ano ang ginawa ng mga kababaihan ng makita nila ang mga anghel?
5. Ano ang sinabi ng mga anghel sa mga kababaihan tungkol kay Jesus? Ano ang reaksyon ng mga babae sa sinabi ng mga anghel?
6. Sinabi ni Jesus ng paulit-ulit sa Kanyang mga tagasunod na mamamatay Siya at mabubuhay muli. Ngunit ang mga kababaihan ay hindi ito naintindihan noon. Ano ang nabago matapos nilang makita ang mga anghel?

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May mga ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

## Katanungan sa Pagsasabuhay

Naalala mo ba kung ano ang naisip mo noong una mong marinig ang pagkabuhay muli ni Jesus?
Mayroon bang bahagi ng istorya na nahihirapan kang paniwalaan?
Mayroon bang bahagi na nahihirapan kang paniwalaan ngayon?

---

Pag-usad

## Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.

Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.

Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod ninyong pagtitipon.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.

# Bahagi 58: Ang Libingan ay Walang Laman (Lucas 24:9-12)

Pagbaba-lik-tanaw

## Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

## Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

## Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

## Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

Pagtunghay

## Panimula

Ang pagkabuhay muli ni Jesus ang tiyak na pinakamahalagang pangyayari sa kasaysayan ng mundo. Kung walang muling pagkabuhay, Si Jesus ay parang tao lamang. Sa katotohanan, kung walang muling pagkabuhay, si Jesus ay makokonsidera na baliw. Ito ay dahil noong buhay pa Siya ilang beses Niyang sinabi sa mga alagad Niya na Siya ay muling mabubuhay, at idineklara Niya ang sarili Niya bilang Anak ng Diyos at Tagapaglitas ng sanlibutan. Kung walang muling pagkabuhay, ang mga ipinahayag ni Jesus ay mga salita lamang ng isang baliw na tao. Ngunit sa pagkabuhay muli sa kamatayan, pinatunayan ni Jesus na walang pagdududa na Siya ay parehong naging Diyos at tao, katulad ng ipinahayag niya.

Hakbang 1: Panuorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Ano ang unang ginawa ng mga babae ng makita nilang ang libingan ni Jesus ay walang laman? Ano ang sinasabi nito sa atin tungkol sa maaaring nararadaman nila?
3. Ano ang reaksyon ng mga alagad sa sinabi ng mga babae? Bakit sa tingin mong ganito ang reaksyon nila? Ano kaya ang naramdaman ng mga babae noong matanggap nila ang ganitong reaksyon?
4. Sinabi ni Jesus sa mga alagad ng ilang beses ang tungkol sa mangyayari sa Kanya. Bakit sa tingin mong hindi sila naniwala sa Kanya?
5. Nakakatuwa na hinayaan ni Jesus ang katotohanan sa muli Niyang pagkabuhay na madiskubre muna ng mga kababaihan. Ano kaya ang ipinapahiwatig nito?
6. Bakit sa tingin mong tumakbo si Pedro sa libingan at pumasok sa loob? Ano sa tingin mo ang pumasok sa isipan ni Pedro nang makita niyang walang laman ito?

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May mga ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

## Katanungan sa Pagsasabuhay

Ano ang ibig sabihin ng katotohanang nabuhay muli si Jesus sa iyo?
Paano nito nabago ang iyong buhay?

---

Pag-usad

## Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.

Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.

Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod ninyong pagtitipon.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.

# Bahagi 59: Nagpakita sa Jesus na Muling Nabuhay (Lucas 24:33-49)

Pagbaba-
lik-tanaw

## Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

## Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

## Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

## Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

Pagtunghay

## Panimula

Pinag-usapan natin kamakailan ang tungkol sa pagdududa. Sa talata na ito, si Jesus ay nagpakita sa lahat ng alagad na nasa silid, na gumulat at tumakot sa kanila. Aakalain mong magiging masaya silang makita si Jesus muli. Subalit nagduda sila kung Siya ba talaga ito. Siguradong may mga rason sa kanilang mga pagdududa. Isipin mo kung ano ang pinagdaanan nila sa nakaraang tatlong araw. Sinabi ni Lucas sa atin na si Jesus, "Binuksan niya ang kanilang pag-iisip upang maunawaan nila ang mga Kasulatan" (v. 45). Pinatunayan ito ni Jesus sa kanila, at sa wakas ay naniwala silang nabuhay nga Siyang muli.

Hakbang 1: Panuorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Nang magpakita si Jesus sa kanila, ano ang una Niyang sinabi? Bakit sa tingin mong sinabi Niya ito?
3. Sinulat ni Lucas na sa una ay inakala nilang multo si Jesus. Bakit sa tingin mong naisip nila ito?
4. Walang nagsabi ng malakas, gayunpaman alam ni Jesus na iniisip nilang multo Siya. Ano ang sinasabi nito tungkol kay Jesus na alam Niya kung ano ang iniisip at nararamdaman nila?
5. Paano hinarap ni Jesus ang kanilang mga takot at pagdududa? Ano ang hinikayat Niyang gawin ng mga alagad para mapatunayang buhay talaga Siya?
6. Bakit sa tingin mong ibinalik sila ni Jesus sa Kasulatan ng Lumang Tipan para ipaliwanag kung paano natupad ang mga propesiya tungkol sa Mesiyas sa pamamagitan Niya? Ano ang itinuturo nito sa atin tungkol sa kahalagahan at awtoridad ng Biblia?

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May mga ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

## Katanungan sa Pagsasabuhay

Ano ang matututunan natin mula sa istorya para maharap natin ang mga pagdududa kapag dumating ang mga ito sa buhay natin?

---

Pag-usad

## Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.

Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.

Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod ninyong pagtitipon.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.

# Bahagi 60: Ang Dakilang Tagubilin at Pag-akyat sa Langit (Lucas 24:50-53)

Pagbaba-lik-tanaw

### Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

### Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

### Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

### Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

Pagtunghay

### Panimula – Paano Ka Makakatulong na Matupad ang Dakilang Tagubilin

(Ipabasa sa isang miyembro ng grupo mo ang Matteo 28:16-20 mula sa puso nila kung maaari)

Iniutos ni Jesus sa Kanyang mga tagasunod na ipahayag sa iba ang mensahe ng kaligtasan na kinikilala bilang ang Dakilang Tagubilin. Ang bawat Kristiyano ay inutusang makibahagi sa pagtulong upang abutin ang buong mundo para kay Cristo. Ang bawat isa sa atin ay may mahalagang katungkulang ibinigay ng Diyos na dapat gampanan na makakatulong na matupad ang Kanyang Dakilang Tagubilin.

Hakbang 1: Panuorin ang bahagi ng dalawang beses.
Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Ano ang mga utos na ibinigay ni Jesus sa Kanyang mga alagad na nasa Dakilang Tagubilin?
3. Ang tagubilin ba na ito ay para sa mga alagad lamang, o para sa lahat ng mga naniniwala? Bakit o bakit hindi?
4. Bakit sa tingin mo ay sinabi ni Jesus sa atin bilang mga tagasunod Niya na Siya ay mayroong “buong kapangyarihan sa langit at lupa?” Paano ito mahalaga para sa atin habang sinisikap nating ibahagi si Cristo sa iba at sinisikap nating magtatag ng bagong mga komunidad ng babahaginan?
5. Basahin ang Gawa 1:8-9. (Ito ay isa pang sulat sa Dakilang Tagubilin at pag-akyat sa langit ni Jesus.) Bakit sa tingin mong sinabi ni Jesus sa Kanyang mga alagad na magsimula muna sa Jerusalem? Bakit ito mahalaga? At ano ang sinabi ni Jesus na dapat nilang susunod na gawin?
6. Base sa talata na binasa natin mula sa Gawa 1, kanino iniutos ni Jesus na ibahagi ng mga alagad ang ebanghelyo? Ano ang maaari nitong sinasabi sa atin tungkol sa kung paano nakikita ni Jesus ang lahat ng tao?
7. May naiisip ka bang mga grupo ng tao sa bansa mo na kinakailangang makarinig ng ebanghelyo? Paanong magiging ikaw ang siyang HAHAYO at magbabahagi sa kanila tungkol kay Jesus?

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May mga ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

### Katanungan sa Pagsasabuhay

Paano ka makakatulong na matupad ang Dakilang Tagubilin? Una, siguraduhin na ikaw ay [personal na] nakatuon kay Cristo at puspos ng Banal na Espirito. Pangalawa, ipanalangin mo sa Diyos na gabayan ka. Pangatlo, habang tinutugon ng Diyos ang mga panalangin mo, planuhin mo kung saan ka HAHAYO. Pang-apat, humingi ng pagsasanay mula sa mga matagal ng Kristiyano. Panglima, magkusa at HUMAYO. Humanap ng kaibigang Kristiyano na sasama sa iyo para ibahagi ang ebanghelyo sa iba – kailangan nila Siya.

---

Pag-usad

### Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.
Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.
Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod ninyong pagtitipon.

Panalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.

# Bahagi 61: Paanyaya na Kilalanin si Jesus ng Personal (1 Corinto 15:1-4)

Pagbaba-lik-tanaw

### Magmalasakit sa bawat isa

- Ipanalangin ang bawat isa
- Ibahagi ang iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

### Magdiwang ng sama-sama

- Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo
- Magpuri

### Magpahayag ng bisyon para sa grupo at sa bawat isa

- Na maging mas mabuti tayong mga tagasunod ni Jesus
- Na mas maging malapit ang ating samahan sa Panginoon

### Pagbibigay at Pagbabahagi

- Magbigay ng bagay na naibigay na sa iyo ng Diyos para makatulong sa iba

---

Pagtunghay

## Panimula – Paano Ka Makakasiguro na Kristiyano Ka

“Sapagkat ibinigay ko sa inyo bilang pinakamahalaga sa lahat ang tinanggap ko rin: na si Cristo'y namatay dahil sa ating mga kasalanan, tulad ng sinasabi sa Kasulatan;  inilibing siya at muling nabuhay sa ikatlong araw, tulad din ng sinasabi sa Kasulatan” (1 Corinto 15:3-4).

Sa loob ng mga siglo simula pa noong nabubuhay si Jesus sa mundo, milyung-milyong mga tao ang tinanggap si Jesus sa kanilang mga buhay. Subalit, marami sa kanila ang paulit-ulit na ginagawa itong muli dahil hindi pa sila sigurado sa kaligatasan nila. Wala silang kasiguraduhan sa nananatiling presensya ni Cristo, walang kumpiyansa na, kung mamamatay sila ngayon, mapupunta sila sa langit kasama ng Diyos. May kumpiyansa ka ba sa kaligatasan mo? Alamin mong ang komitment kay Cristo ay mayroon kasama nitong tatlo: talino, emosyon at kalooban.

Hakbang 1: Panuorin ang bahagi ng dalawang beses para maunawaan ang oportunidad mo na tanggapin si Cristo.

Hakbang 2: Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bagong buhay na iniaalok ni Jesus sa atin sa ebanghelyo na ipinaliwanag sa bahagi na ito

Hakbang 3: Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.

Hakbang 4: Mga katanungan sa talakayan.

1. Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya? Anong nakapukaw ng iyong atensyon?
2. Ano ang ibig sabihin ng salitang “kasalanan” sa iyo? Paano tinubos ni Jesus ang iyong kasalanan?
3. Ang buhay Kristiyano ay dapat ipamuhay sa pamamagitan ng pananampalataya, hindi emosyon. Anong lugar ng emosyon mo sa buhay Kristiyano mo? Paano at kailan nagiging mapanlinlang ang emosyon?
4. Bakit sa tingin mo ay mahalaga na sigurado ka sa kaligatsan mo?
5. Ibahagi sa iyong grupo ang sarili mong istorya kung paano mo nakilala si Jesus.

Gamitin ang code na ito para panoorin ang bahagi ng pelikula sa iyong selpon. May mga ibang wikang matatagpuan sa website ng JESUS Film.

## Konklusyon

Mayroong apat na mahahalagang katotohanan na dapat mong maintindihan upang makasigurong Kristiyano ka:

1. Iniibig ka ng Diyos at siya’y may magandang plano sa iyong buhay.
2. Makasalanan ang tao at nakahiwalay sa Diyos, kaya hindi niya alam na mahal siya ng Diyos at hindi niya nararanasan ang plano ng Diyos sa buhay niya.
3. Si Hesu-Kristo ang nag-iisang solusyon sa kasalanan ng tao. Sa pamamagitan Niya, malalaman natin na mahal tayo ng Diyos at mararanasan natin ang plano niya para sa atin.
4. Dapat nating tanggapin si Kristo bilang Tagapagligtas at Panginoon, para malaman natin na mahal tayo ng Diyos, at maranasan natin ang plano Niya para sa atin.

Panuorin ang bahagi na ito ng isang beses pa. Kung hindi ka pa sigurado sa kaligtasan mo, kapag pinanood mo ang bahagi na ito sa pagkakataong ito, manalangin ng may kasiguraduhan na matatanggap mo si Jesus. Kung natanggap mo na si Cristo Jesus bilang Tagapagligtas at Diyos, makakasiguro ka na ikaw ay Kristiyano base sa mga pangako sa Kanyang Salita.

---

Pag-usad

## Pagsasabuhay

Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon.
Sanayin na ikuwento ang istorya (mula sa hakbang 2) sa bawat isa.
Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod ninyong pagtitipon.

Panalangin

- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong samahan.

# Kilalanin si Jesus

Pagtatag ng iyong bagong Komunidad na Babahaginan
v6.5

Jesus Film Project®
A Cru Ministry

Knowing Jesus